# *Espirituwal Na Pagkain Sa Takdang Panahon*

Only believe, only believe,
All things are possible, only . . .

Sige, ngayon ganito po:

Now I believe, now I believe,
All things are possible, now I believe;
Now I believe, now I believe,
All things are possible, now I believe.

Manatili tayong nakatayo ngayon, habang nakayuko ang ating mga ulo.

Panginoon, nawa hindi lang ito manatiling awitin, bagkus mapangyari sa kalalim-laliman ng aming mga puso na umaawit, "Ngayon sumasampalataya ako!" Sinabi minsan ng mga alagad, matapos na magpamalas si Jesus ng napakaraming dakilang gawa, ang sabi nila, "Panginoon, ngayon sumasampalataya kami."

Sinabi ni Jesus, "Ngayon baga'y nagsisisampalataya na kayo?"

2 Ang sabi nila, "Sumasampalataya kami na Iyong nalalaman ang lahat ng mga bagay at di nangangailangan na turuan Ka ng sinumang tao." Kaya, Ama, ngayong gabi ay napagtatanto namin na hindi Mo kailangan ng pagtuturo namin, bagkus ang kailangan namin ay sa Iyo. Kaya dalangin namin na Iyong tuturuan kami kung paano manalangin, paano mamuhay, at paano makasampalataya. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon, sa pamamagitan ng gawain ngayong gabi. Kung salat kami sa anuman, Iyo pong ibigay ito sa amin, Panginoon. Aming hinihiling ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

3 Alam ko na marami sa inyo ang nakatayo uli ngayong gabi. At, sa labas, may mga grupo na nagsabi na di sila makapasok, at nakikinig sila sa kanilang radyo sa kani-kanilang kotse. At ngayon sisikapin natin na mabilis lang sa abot ng makakaya natin sa gabing ito, na Linggo ng gabi, inilalaan natin sa pananalangin sa mga maysakit, magpapapila para sa panalangin na haya't makapagpapila tayo ng isa rito. Pero ilalaan natin ang gawain sa gabing ito sa pananalangin sa mga maysakit.

4 At nais kong maitatag kayo ngayon sa . . . dito sa Banal na Mga Salita ng Diyos, sa Pananampalataya, ang Pananampalataya para sa oras na ito. Ang Pananampalataya! Kinakailangan nga ng mas higit na pananampalataya

kaysa sa anupamang kapanahunan, dahil kinakailangan na pananampalataya ito ukol sa pag-agaw, para kunin paitaas. At kaya nais nating manampalataya kayo sa gabing ito sa lahat ng masasaksihan n'yo, mapapakinggan, sa Salita na maririnig n'yo na ipapangaral, ang—ang mga tanda't mga kababalaghan na makita n'yo na ipangyayari. Nais naming tipunin n'yong lahat 'yan nang sama-sama sa inyong puso, at isaalang-alang ito, kung ito ba'y sa Diyos o hindi.

5 Gaya ni Eliseo nung unang panahon, ang sabi, "Kung ang Diyos ay Diyos, kung ganoon paglingkuran mo Siya." At kung si Jesus ang sentro ng lahat ng mga bagay sa Cristiano, kung ganoon sa palagay ko dapat nating iwaglit ang lahat ng iba pang bagay at pumisan sa Kanya. Alalahanin n'yo, Siya ang Sentro, Siya ang Hilagang Bituwin, Siya ang Sukdulan, Siya ang Pinakasaligan. At kung Siya ang Hilagang Bituwin... Iisang bagay lang ang tumuturo sa hilagang bituwin, 'yun 'yung kompas n'yo na gamit n'yo sa paglalayag. At ang Kompas na pinagsusumikapan ko na gamitin n'yo sa inyong paglalayag ay ang Salita, at ang Salita ay laging nakaturo sa Kanya.

6 At ramdam natin na dumadaan tayo sa matinding panahon ng pagkabalisa't mga pagsubok, pagkagulumihanan ng panahon at alitan sa pagitan ng mga bansa, at lahat ng uri ng mga bagay na ito na nangyayari, at kung minsan ako'y nilalamon, saanman ako tumingin, na para bang nasa isang...sa isang barko sa dagat. At ibinigay sa akin ang responsibilidad ng Bangka. At ngayon paano tayo makakaalpas? At heto ang isang alon na may maputing taluktok, na sandaang beses na mas malaki kaysa sa barko ko. Pero mangingibabaw tayo sa lahat ng ito, bawat isa. "Tayo'y higit pa sa mga mananagumpay sa pamamagitan Niya." Ang Kapitan, ang Punong Kapitan, ay hawak nga ang lubid sa kabilang dulo ng barko, Kanyang hihilahin nga ito hanggang sa malalagpasan natin. Mangingibabaw tayo sa bawat isa sa mga ito.

7 Ngayon, ngayong gabi, nang sa gayon makapagmadali tayo at mapalabas kayo nang maaga...Kinalulugdan namin ang mahaba n'yong pagmamaneho, at kung ano pa, at 'yung kinakailangan n'yong magmaneho, at ang sakripisyo na kailangan n'yong gawin. At, kita n'yo, binubunsod nga n'yan na naisin kong makatayo rito at magpatuloy sa pagsasalita at gawin ang lahat ng magagawa ko para tulungan kayo. Anupa't kapag nandito ako sinisikap ko talagang magpunyagi sa lahat ng bagay sa abot ng makakaya ko, para makapagbigay-tulong sa sandali na ipinarito natin ngayon. Pagkatapos gugugol ka... Kung bibigyan mo ang mga tao ng mahabang oras haya't di nila ito maaalala. Kinakailangan mong—mong kumuha ng isang bagay at mamalagi dun para sa tao hanggang sa makita nila 'yun. At pagkatapos kapag naging solido na 'yun sa puso nila, pagkatapos sila...pagkatapos nga'y turuan sila ng iba naman.

Unti-unti lang sa paghakbang natin.

8 Ngayon, manalangin kayo at magpakatatag na mabuti, at sumampalataya ngayong gabi para sa kagalingan. Sa palagay ko naman ay walang alinlangan sa inyong isipan tungkol sa panahon na kinabubuhayan natin. Sa palagay ko nga'y walang alinlangan sa inyong isipan tungkol sa kung ang Diyos ay nasa kalagitnaan ng Kanyang mga hirang o hindi. Naniniwala ako na lahat kayo'y naniniwala riyan. At ako. . . Wala ngang pag-aalinlangan sa isip ko tungkol dito. At alam ko—alam ko—alam ko na ang mga kasamahan ko, mga kaibigan ko, mga kaibigan ko kay Cristo, mga anak ni—ni Cristo, ay sumasampalataya riyan.

9 At ako nga'y nalulugod nang lubos na makita, na alam n'yo na may Mensahe ka mula sa Diyos at ipapahayag mo 'yun sa mga tao, at makikita ang mga tao na tumutugon Doon. Pagkatapos babaling nga kayo at magsasabi, "Salamat sa Iyo, Ama." Oh, grabeng kaligayahan nga na makita ang mga anak na kinakain ang Tinapay na ipinadala sa kanila! Napagtatanto n'yo ba na 'yan ay isang pangitain mga taon na ang nakaraan, dito mismo sa tabernakulong ito? Siyanga, "Ang Tinapay ng Buhay." Kapatid na Neville, naaalala mo. Dakilang—dakilang panahon nga!

10 Ngayon tayo'y bumuklat, kung nais n'yong sundan ang pagbabasa o markahan ito, sige't. . . Naniniwala nga ako na di angkop na magkaroon ng gawain ng walang pagbabasa ng Salita ng Diyos at paglalahad ng kaunting komentaryo, gawain man ito ng pagpapagaling o kung ano mang uri. Nauunawaan nating lahat. Walang baguhan sa kalagitnaan natin, sa palagay ko. Siyanga't nauunawaan natin kung ano ba ang kagalingan. Hindi nga ito bagay na ginagawa ng kung sinong tao para sa inyo; ito'y bagay na ginawa na ng Diyos para sa inyo. Ang kaligtasan ay ganoon din. Ang bagay lang na mahalaga, ay, ibunsod ang mga tao na sampalatayanan na 'yan ang Katotohanan. At itinuturo ng Diyos ito sa Kanyang Salita at pinatutunayan ito sa kanila na sasampalataya Rito, dahil sinabi Niya, "Lahat ng mga bagay ay posible sa kanila na nananampalataya."

11 Sasabihin n'yo, "Walang imposible sa Diyos." Sinasampalatayan n'yo ba 'yan? Wala ring imposible sa inyo, hayan nga. "Sapagkat ang lahat ng bagay ay posible sa *kanila*," (Ang Diyos ay isang Persona) "sa kanila na nananampalataya." Kita n'yo? Kaya walang imposible sa inyo, para sa inyo, kung makasasampalataya lamang kayo.

12 Ngayon sa Unang Mga Hari, sa ika-17 kabanata, nais kong basahin ang unang pitong talata, loobin ng Panginoon.

> *At si Elias na Thisbita, na sa mga nakikipamayan sa Galaad, ay nagsabi kay Ahab, Buhay ang PANGINOONG Dios ng Israel, na ako'y nakatayo sa harap niya, hindi magkakaroon ng hamog o ulan man sa mga taong ito, kundi ayon sa aking salita.*

*At ang salita ng* PANGINOON *ay dumating sa kaniya, na nagsasabi,*

*Umalis ka rito, at lumiko sa* dakong silanganan, *lumiko ka sa dakong silanganan, at magkubli ka sa tabi ng batis Cherith na nasa tapat ng Jordan.*

*At mangyayari, na ikaw* ay *iinom sa batis; at aking iniutos sa mga uwak na pakanin ka roon.*

Pansinin, "pakainin ka *roon*," hindi kung saang ibang lugar. "Doon!"

*Sa gayo'y naparoon siya at ginawa ang ayon* sa PANGINOON, o *salita ng* PANGINOON*: sapagka't siya'y pumaroon at tumahan sa tabi ng batis Cherith, na nasa tapat ng Jordan.*

*At dinadalhan siya ng tinapay at laman ng mga uwak sa umaga, at tinapay at laman sa hapon; at siya'y umiinom sa batis.*

*At nangyari pagkaraan ng sanggayon, na ang batis ay natuyo, sapagka't walang ulan sa lupain.*

13 Ang Panginoon ay magdagdag nawa ng Kanyang pagpapala sa pagbasa ng Kanyang Salita. At ngayon, ngayong gabi, nais kong kumuha ng teksto mula roon, pamagatan itong, "espirituwal na Pagkain para sa panahon Nito." Kaninang umaga nagkaroon tayo ng isang—isang aralin tungkol sa—tungkol sa "Gumagawa ng paglilingkod sa Diyos, o nagsisikap na gawan Siya ng paglilingkod na walang. . .-wala sa oras, panahon, lugar, o tao." At ngayon naman: *Espirituwal Na Pagkain Sa Takdang Panahon.*

14 Itong propeta, na si Elias, kakaunti lang ang nalalaman natin tungkol sa kanya. Pero alam natin na siya'y lingkod ng Diyos, at ang lingkod ng Diyos para sa oras na 'yun.

15 At ginamit ng Diyos ang kanyang espiritu, na nakay Elias, nang makatatlong beses na, at nangako ng dalawa pa; limang beses, na pumapatungkol sa biyaya. Ginamit Niya 'yun kay Elias; dumating 'yun kay Eliseo nang dobleng bisa; nakay Juan Bautista; tapos marapat na dumating para papasukin ang Nobyang Gentil; tapos darating na naman kasama si Moises para kunin pauwi ang mga Judio. Ganoon nga. Limang beses na ipinangako ng Diyos na gagamitin ang espiritu ni Elias, at ginawa na ito nang tatlong beses.

16 Ngayon, ang dakilang propeta na ito, hindi natin alam kung saan siya nanggaling. Alam lang natin na isa siyang Thisbita. Pero kung paano siya nagmula . . .

17 Kakaunti ang nalalaman natin tungkol sa mga propeta. Hindi natin alam kung saan sila galing. Napakadalang . . . Hayan nga, na wala akong kilala na sinuman na nanggaling sa iglesya o may tala-angkanan sa likod nila. Ordinaryong kalalakihan

lang sila na mga walang takot, at, kadalasan, di edukado. At di sila kailanman nagsulat ng kung ano, sa sarili nila. Sina Elias at Jeremias, ang ilan sa kanila, ay sumulat ng ilang kasulatan, pero itong dakilang lalaki na ito na si Elias ay di kailanman sumulat ng isang bagay. Marami sa kanila ang di nagsulat; marahil di marunong magsulat. Anupa't sila'y mga kalalakihan na magagaspang. Walang tao sa Biblia na gaya ng mga sinaunang propeta na 'yun. Sinansala nila ang mga kaharian, mga hari, mga bayan, mga simbahan, at lahat na ng iba pa, at tumindig nang matatag sa Salita ng Diyos, at pinatunayan sila ng Diyos na tama. Sila'y mga indibiduwal na talaga namang magagaspang.

18 At itong si Elias ang pinaka magaspang sa lahat sa kanila. Siya'y isang lalaki ng ilang. Nanggaling siya sa ilang; namuhay siya sa ilang. Sinabi ng Biblia na mabalahibo ang pananamit niya. May balat siya ng tupa na nakabalot sa kanya, at kapirasong katad, ng balat ng kamelyo na nakabalot sa kanyang baywang, punung-puno. . . balbas sa buo niyang mukha, at iniisip ko na siya'y lalaki na mukhang magaspang, at kung titingnan.

19 Pero hindi natin. . .lahat sila'y di lahat namatay. Hindi sila lahat—lahat patay. Noong panahon ng Konseho ng Nicea, marami sa inyo ang nakabasa na nung *The Nicene Council of the Early Church*, noong nais nilang bumuo ng isang organisasyon mula roon at buwagin ang lahat ng iba pang mga iglesya, at papaging isa na lang, noong nagkaroon sila ng Konseho ng Nicea, mga kalalakihan na magaspang gaya ni Eliseo ang dumalo mula sa ilang, na kumakain lamang ng damo; dakilang mga kalalakihan na magaspang. Pero ang mga dignitaryo, mga nakatataas, sa ilalim ni Constantine, at iba pa, haya't pinatahimik sila. Dahil sila, sa pagiging mga propeta, alam nila na ang butil ng trigo ng Iglesyang Nobya ay kinakailangan na mahulog sa lupa, gaya ng butil ng trigo ng Nobyo na kinailangang mahulog sa lupa. At doon nga'y nabaon 'yun nang libong taon.

20 Yan ang dahilan kung bakit isinusulat nila sa mga libro ngayon, "Nasaan na ang tahimik na Diyos na 'yun na kayang atimin at tingnan, makita ang maliliit na bata na pinapatay, at mga kababaihan na ginugutay ng mga leon, at haya't mauupo lamang sa kalangitan at walang sasabihin na anuman tungkol dito?" Wala silang kamuwang-muwang sa Salita. Ang butil ng trigo kasi ay kinakailangan na mahulog sa lupa. Paanong ang isang matuwid na Diyos ay maaatim at tingnan lang ang Sarili Niyang Anak na mamatay at duraan pa nga, at kung ano pa? Pero tinupad lang nun ang Salita, kinakailangan nga. At ganoon din ito maging sa oras na ito.

21 Itong lalaking ito, siya'y isang dakilang tao. Ang makasalanang henerasyon ay nasa harap niya. Si Ahab ang hari, ang ama nito na nauna sa kanya'y masama rin. Mula kay

Solomon, ang mayroon lang ay sunud-sunod na masasamang hari. At ang lalaking ito, si Ahab, ay naghari nang dalawampu't dalawang taon sa Samaria, siya ang pinaka malala sa lahat sa kanila. Isa siyang tunay na modernista. Naniniwala siya sa relihiyon, tunay naman. At lahat ng bagay ay pinaging modernong kalakaran niya. Mayroon siyang apatnaraang Hebreong propeta, lahat sila'y pinag-eskuwela nang maigi't pinagsanay. Pinadalhan siya ng Diyos ng isa't ayaw niya itong paniwalaan, at 'yun si Elias.

22 Pero si Elias, ang Thisbita na ito, ay isang lalaki na mula sa ilang. Hindi pulidong lalaki; isa siyang magaspang na lalaki. At isang araw, matapos na magkasala ni Ahab hanggang sa di na ito matiis pa ng Diyos, nangusap Siya kay Elias sa ilang. At heto siya na dumarating sa daan patungong Samaria, gaya ng madalas kong isinasalarawan; marahil 'yung maputi niyang balbas ay nakatikwas sa palibot ng mukha niya, kalbo ang ulo't nagniningning sa araw, munti't matatandang pinasingkit na mga mata, naroon na may tungkod sa kanyang kamay, may ngiti sa kanyang mukha, lumakad papalapit sa hari ng Israel, at ang sabi, "Ang. . .Ni hamog ay hindi papatak hanggang sa tawagin ko ito."

23 Pagkalooban nawa tayo ng Diyos ng mga kalalakihan na gaya n'yan, kita n'yo, mga kalalakihan na alam nila ang ginagawa nila sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON.

24 Ngayon, nasumpungan natin na bago niya ginawa ito, ay tinawag siya ng Diyos. Kinausap siya ng Diyos at, kaya naman, hindi siya takot sa anuman. Hindi siya nangangamba sa kanyang mensahe, na hindi 'yun mangyari; alam niya mismo na mangyayari't mangyayari! Alam niya na batay 'yun sa Salita ng Panginoon, at alam niya na siya ang propeta ng Diyos para sa panahon na 'yun. Kaya pugutan man siya ng ulo nung hari, ipatapon siya sa piitan, anuman ang gawin nila, wala 'yung kaso sa kanya; may atas sa kanya, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON," sa mismong mukha ng hari. Grabeng gaspang na tao! Pero bago niya ginawa ito, na hinula ang malaking tagtuyot na ito. . .

25 Dahil di hahayaan ng Diyos na ang kasalanan ay di maparusahan. Kinakailangan na may parusa. Anong silbi ng batas kung walang—walang kaparusahan? Anong mabuti ang maidudulot, na sabihin, "labag sa batas na umilaw na't tumawid pa," tapos walang multang kalakip, o walang parusa na kalakip? Hindi 'yun batas. Kaya may kaparusahan ang kasalanan. At kapag ang Diyos ay gagawa ng batas, at ang batas na 'yan—ang batas ay lalabagin, kailangan ngang may kaparusahan para dun.

26 At ang bansang ito'y lumabag sa lahat ng Kanyang mga batas. Oh, may malalaking iglesya sila, may templo sila. Marami silang edukadong kalalakihan. May mga propeta sila sa buong

bansa, may mga eskuwelahan para sa kanila, ginagawa silang propeta na parang isang makina. At napakarami nilang propeta, napakarami nilang mga—mga saserdote, napakarami nilang mga eskriba, at napakarami nilang relihiyon, pero sila'y malayo nga sa Salita ng Diyos. Kaya tumawag ang Diyos ng isang lalaki na wala sa anumang hanay nila, at ipinadala siya na may kalakip na GANITO ANG SABI NG PANGINOON.

27 At pansinin n'yo kung paanong inaalagaan ng Diyos ang Sariling Kanya. Bago Niya ipinadala ang propetang ito na may mensahe, ang sabi Niya, "Elias, magtungo ka roon at sabihin kay Haring Ahab ang mga bagay na ito. At ngayon, sa pagpunta mo, umalis ka kaagad dali-dali, dahil naglaan ako ng isang dako para sa iyo na pupuntahan mo sa panahon ng tagtuyot. Aalagaan Kita, Elias, kung ipangangaral mo lang ang Aking Salita, gawin mo lang ang bagay na sinasabi Ko sa iyo na gawin."

28 Ngayon ititipo ko ang dakilang ministeryo na ito, ngayong gabi, ni Elias at ang panahon ni Elias, sa panahon na kinabibilangan natin. Naniniwala ako na ganap na tipo ito. Naiisip ko ang mga bansa . . . kung ako . . . mayroon tayong oras para bumalik, pero nais kong maglaan ng maraming oras sa pila para sa pananalangin.

29 Kaya kung makababalik tayo at makikita, kinuha ng Israel noon ang Palestina sa parehong basehan na kinuha natin ang Estados Unidos. Pumunta tayo rito sa Estados Unidos at tinaboy ang mga nakatira, 'yung mga Indian, at inangkin ang lupain. At ganoon din ang ginawa ng Israel noong pumunta sa Palestina, sa ilalim ng pamumuno ni Josue, sa ilalim ng Diyos, at tinaboy ang mga naninirahan at kinuha ang lupain.

30 At ang una nilang mga hari'y dakilang mga kalalakihan: sina David, Solomon, at dakilang mga lalaki. Ang una nating mga presidente'y dakilang mga kalalakihan: sina Washington, Lincoln, at iba pa. Pagkatapos dumating sa punto na ang mga presidente o mga hari'y pabulok nang pabulok, at hanggang sa humantong kay Ahab. Mismong tipo, na tipo sa ating panahon. At ang mga tao'y naging masyadong moderno na ayaw na nilang pakinggan ang tunay na Salita ng Panginoon.

31 At maiisip n'yo nga mismo, sa mga modernong tao na gaya n'yan, kung ano ang dating para sa kanila ng isang totoo't tunay na lingkod ng Diyos. "Aba, baliw siya, wala siya sa katinuan niya. Hindi nga maaari na may ganyang bagay." Mga relihiyoso sila, napaka relihiyoso. Mayroon silang sinserong kalalakihan, mayroon silang sinserong mga tao. Sila'y napaka relihiyoso.

32 Kaya alam niya na kailangan 'yun ng mas higit kaysa sa ordinaryong teolohiya, kailangan ng mas higit kaysa—kaysa sa alinmang ordinaryong mensahe, kailangan ng mas higit kaysa sa pangangaral lang ng Salita, para biyakin ang mabato nilang mga puso. Alam niya na kakailanganin ng GANITO ANG SABI

NG PANGINOON para ipataw ang hatol na ’yun sa mga tao. Kaya alam niya na noong dumako siya roon dala ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON (At ’yun nga’y GANITO ANG SABI NG PANGINOON.), ang pagtanggi Dun, ay kahatulan. Nakikita natin ’yun sa panahon natin, din. Nakikita natin ’yun sa alinmang panahon. Wala nang natitira pa kundi kahatulan kapag tumapak kayo lampas sa linyang hangganan ng awa.

33 Ngayon, ’yung tipo roon, na, ititipo ko si Elias sa iglesya ngayon, iglesya sa panahon ngayon. Bago mismo ang paghatol, natanggap niya ang mensaheng ito. Si Elias, siya’y kinakatawan, yamang inaalagaan sa natural, sa kanyang natural na pagkain, dahil hindi uulan noong mga panahon na ’yun, batay sa Salita ng Diyos, nang tatlong taon at anim na buwan, o hanggang sa sabihin ni Elias. “Anumang oras ang sabihin mo, Elias, doon nga mangyayari.” Kaya naman lumakad siya papalapit sa hari, at nagsabi, “Wala ni hamog na papatak hanggang sa sabihin ko ito.” Yun nga’y—’yun nga’y napakabigat, hindi ba? Grabeng mensahe!

34 At ngayon ititipo natin ’yan sa espirituwal na tagtuyot ng panahon ngayon. Ngayon, alam nating lahat, batid na batid natin, na may malaking espirituwal na tagtuyot sa lupain ngayon, kung pag-usapan sa espirituwal. At, alam n’yo ba, na ’yun nga’y inihula na ng mga propeta, bago mismo ang Ikalawang Pagparito ni Cristo? Sabi, “Magkakaroon ng taggutom sa lupain, at hindi sa tinapay, kundi sa pakikinig ng Salita ng Diyos.” At ang araw na ’yun ay ngayon, “sa pakikinig sa tunay na Salita ng Diyos.” Ngayon, tumitipo itong natural na tagtuyot sa espirituwal.

35 Kasalanan at kawalan ng pananampalataya, ng mga huwad na tagapagturo’t mga modernista sa iglesya, ang nagdala sa dakong ito ng pagdating, parating na paghatol. Pagkatapos nga’y bumaling sila mula sa Salita ng Diyos at Kanyang propeta, patungo sa modernong pang-teolohiyang termino ng Salita.

36 Kung napansin n’yo rito, sa panahon ngang ganoon na nagbabangon ang Diyos sa tuwina ng isang bagay. Dahil, Siya, sa tuwina, hindi Siya gumagawa ng anuman hanggang ihayag Niya unang-una ito sa mga tao, at sa tuwina’y inihahayag Niya ito sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod.

37 Ngayon, pero si Elias, noong panahon na ’yun, ay may lihim na dako na itinalaga ng Diyos na kanyang puntahan. Yan nga ang bagay na nais nating makita ngayon bago lamang tayo magkaroon ng pila para sa pananalangin. Si Elias ay may lihim na dako na inilaan ng Diyos Mismo. Ngayon, hindi ’yun inilaan sa kanya kailanman ng iglesya, hindi ’yun kailanman inilaan sa kanya ng hari, hindi niya ’yun inilaan sa ganang sarili niya, bagkus ang Diyos ang naglaan ng lihim na dako para kay Elias na doon ay pakainin siya sa lahat ng oras sa panahon

ng tagtuyot, kung saan ang kanyang pagkain ay ilalaan araw-araw. Hindi niya kailangang mag-alala kung anong mangyayari kinabukasan o mag-alala kung naubusan na ng panustos. Sinabi ng Diyos, "Inutusan Ko ang mga uwak at pakakainin ka nila." Kahanga-hanga ngang bagay, isang tipo ng lihim na dako natin kay Cristo.

38 Habang ang konseho ng mundo at lahat na nangyayari sa panahon ngayon, na nagsasabi, "Ang mga araw ng mga himala'y lipas na." Tinanggal na ang dakilang mga kapangyarihan ng Diyos sa mga kaiglesyahan. Mistula nga silang, ano na lang, wala na silang anuman kundi "tansong tumutunog at batingaw na umaalingawngaw." Alam natin na katotohanan 'yan. "At anyo ng kabanalan, at tinatanggihan naman ang Kapangyarihan niyaon."

39 Parehong-pareho nga sa ginawa ni David, kaninang umaga, doon sa karitong hila ng baka, na napalayo sa Salita. Gayong noong ipresenta't ibigay sa kanila ang Salita, hindi nila Ito nais; kaya naman, sila'y napalayo mula Rito.

40 Yun ang ginawa nung mga tao noong panahon ni Elias, napalayo mismo mula sa Salita. Akala nila kamit nila ang Salita, pero wala sila Nito.

41 Kaya pansinin, hayan nga, sa...noong panahon na 'yun na paparusahan Niya ang di-mananampalataya, gumawa Siya ng daan para sa mananampalataya. Pareho sa ginagawa Niya sa bawat pagkakataon. Noong mga araw na gugunawin Niya ang mundo sa pamamagitan ng tubig, gumawa Siya ng daan para makaalpas para kay Noe. Noong mga araw na Kanyang lulunurin ang Egipto, gumawa Siya ng daan para makaalpas patawid ng dagat para sa Kanyang bayan. Ganoon nga na gumagawa ang Diyos ng Kanyang daan! At sa dako na walang daan, Siya ang Daan na 'yun. Siya ang Daan na 'yun!

42 Ngayon napagtatanto natin na kinakaharap natin ang ilan sa...isa sa pinakamapanganib na oras sa kasaysayan kailanman. Hindi mismo ang pandigmang pasabog na may matingkad na makintab na misayl, na may warhead, ang dapat nating katakutan. Ang mga kaiglesyahan ang dapat nating katakutan. Itong oras na kinabubuhayan natin ang dapat nating bantayan.

43 Ngayon pansinin, hayan nga na gumawa ng daan ang Diyos para maalpasan ito ni Elias. At gumawa Siya ng daan para sa Kanyang nananampalatayang mga anak para alpasan ito ngayon, itong matinding galit at mga bagay na parating.

44 Dahil, ang Diyos ay di magiging matuwid na hinatulan ang mga taong 'yun at pinatawan sila ng parusa, at pinalubog ang Sodoma't Gomorra, at pinalubog ang Capernaum sa gitna ng dagat, at kinondena ang mga henerasyon na 'yun, at Sodoma't Gomorra, at pagkatapos hahayaan lang tayo sa ganoon ding

bagay at palagpasin tayo. Tayo nga'y ganoon din kasigurado sa kahatulan kung paano sila noon ay sigurado sa kahatulan. Ngayon napansin natin na ang. . .

45 Noong lumitaw ang mga bagay na ito, ang modernong kalakaran ng panahon na 'yun, bumangon ang Diyos ng isang lalaki noong panahon na 'yun, o nagbangon ng isang lalaki, ang ibig kong sabihin, para labanan ang mga puwersa, at ayaw man lang nila itong pakinggan. Inakala nila na baliw siya, na nawala siya sa kanyang katinuan, na siya'y kung ano lang na matandang panatiko, hangal na nanggaling sa ilang, medyo nabaliw sa kakahuyan. Pero, sa kabila nun, taglay niya ang Salita ng Panginoon.

46 "Hindi pinakakahulugan ng Salita ang sinasabi Nito," 'yan ang sinasabi nila ngayon. "Oh, buweno, ang Biblia'y isang aklat lang ng kasaysayan." Sa palagay ko natunghayan n'yo na 'yun, na ngayon sinasabi-sabi nila, na, "Hindi mansanas ang kinain ni Eba, ang kinain niya ay isang. . ." Ano nga uli 'yun? Sa pagkaalala ko. . ."Isang aprikot," sinasabi nila ngayon. "Isang aprikot daw." At pagkatapos, daw, "Hindi naman talaga dinala ni Moises ang mga anak na tumawid sa Dagat na Pula. Parang dako lang 'yun na masukal sa tambo, doon sa kabilang dulo ng dagat, at kaya ang sabi'y tumawid siya sa isang dagat ng tambo." Kung ganoon papaanong ang tubig, t-u-b-i-g, ay naging pader sa magkabilang gilid, tapos ang nilakaran nila'y tuyong lupa, kung ganoon? Oh, kalokohan! Pero, nakita n'yo, kinailangan nga ng ganoong klase ng panahon para ibunsod ang matinding galit ng Diyos sa mga tao. Ibinubunsod nga.

47 Sinasabi nila na wala raw ganoong bagay na tulad ng—tulad ng ganito. . .Maging mga miyembro ng iglesya'y di na naniniwala sa mga himala. "Sige't bibigyan kita ng sanlibong dolyar," sinasabi nila, "pakitaan mo ako ng isang himala. Pakitaan mo ako ng himala!" Buweno, hindi nga nila 'yun makikita kahit may sampung libong himala pa ang ipangyari sa harapan nila. Aba, sila, hindi nga nila ito kailanman makikita.

Sasabihin n'yo, "Imposible naman." Oh, hindi, hindi nga.

48 Si Elias noong isang beses ay nasa Dothan, at ang hukbo ng Siria ay nagtungo roon at pinalibutan ang siyudad, para dakpin siya, dahil alam nila na doon matatagpuan ang—ang kapangyarihan ng bansa, naroon sa tagakita na 'yun. Aba, ang hari nga'y. . .Nagsabi ang isa sa mga kalalakihan doon sa hari ng Siria, ang sabi, "Aba, alam mo po, si Elias na propeta, ang Thisbita, sinasaysay nga niya sa hari ng Israel kung ano ang sinasabi n'yo sa loob ng lihim na silid mo."

49 Sabi, "Pumunta kayo at kunin ang lalaking 'yan! Yan ang tao na humahadlang sa atin." At pumuslit ang buong hukbo ng Siria sa palibot ng Dothan. Nakapaligid nga sila.

50 At si Gehazi, ang—ang tagasilbi nung propeta, nagising siya, at ang sabi niya, "Oh, ama ko, ang hukbo'y nakapalibot sa atin dito. Ganap tayong pinalilibutan."

51 Sabi nung propeta, "Aba, mas marami tayo kaysa sa kanila." Kita n'yo?

At nagpalinga-linga si Gehazi, sabi, "Wala naman akong nakikita."

52 Sabi ng propeta, "Panginoong Diyos, buksan Mo ang mga mata ng binatang ito." At bumukas ang kanyang mga mata, at ang buong mga burol ay punung-puno ng mga Anghel at mga karwahe na nakaantabay sa palibot, mga di-nakikitang Puwersa.

53 Lumakad palabas si Elias, at ang sabi ng Biblia, "Binulag niya sila." Lumakad siya papalapit sa kanila; sila'y bulag sa kanya. Lumakad dun at nagsabi, "Hinahanap n'yo ba si Elias?"

Sabi nun, "Oo, hinahanap namin siya."

54 Sabi, "Halikayo, sasabihin ko sa inyo kung nasaan siya," at dinala sila sa isang patibong, diretso mismo sa dako kung saan lumabas ang mga hukbo't nadakip sila.

55 Ngayon, sinabi ng Biblia, "Binulag niya sila." Yun na 'yun. At ang mga tao sa panahon ngayon ay masyadong bulag sa espirituwal, gayong ang Panginoong Diyos ay bumaba na sa kalagitnaan ng mga tao't ginagawa ang anumang bagay, at ang mga bagay na Kanyang ipinangako, haya't di pa rin nila makita-kita Ito. Bulag sila sa espirituwal; hindi napagkikilala ang Diyos, hindi napagkikilala ang Kanyang dakilang Kapangyarihan. Ngayon, napansin natin na ganoon ang nangyari sa kanila noong panahon ni Elias, at ganoon din sila maging sa panahon ngayon. Binubulag sila ng Diyos. Sinasabi nila ngayon, na, "Wala nang himala, walang ganyang bagay, lahat ng 'yan ay emosyon lang."

56 At ganoon din ang sinabi nila tungkol kay Elias, dahil noong kunin siya paitaas at humalili sa kanya si Eliseo, isang kabataang lalaki, na nakalbo na, bata pa, 'yung mga bata'y tumatakbo sa likuran niya, at nagsabi, "Matandang kalbo, bakit di ka sumama sa itaas kay Elias?" Kita n'yo, hindi nga nila Ito pinaniniwalaan sa simula't sapul, 'yung mga tao, matapos na napakaraming bagay ang naipamalas na. At itong dakilang lalaking ito ng Diyos ay pinangibang-dako papunta sa Langit sa pamamagitan ng isang karwaheng apoy, at hindi pa rin mapani-paniwalaan Ito ng mga tao. At pinapabayaan ang maliliit nilang mga anak na tumakbo sa likod ng lalaking ito at magsabi, "Matandang kalbo, bakit hindi ka pumaitaas?" Kita n'yo? At pagkatapos sinumpa ng propeta ang mga bata, at isang babaing oso ang pumatay sa kanila na apatnapu't dalawa.

57 Ngayon pansinin. Ngayon, tulad noon, inilalagay nila ang sarili nilang interpretasyon sa Salita. Ngayon, kung gusto nilang

gawin 'yun, nasa sa kanila na 'yun, pero sinisikap nga nilang paniwalaan natin 'yun. Ang sabi ng Biblia, "Ang Salita ng Diyos ay hindi buhat sa sariling paliwanag." Ang Diyos ang gumagawa ng Sarili Niyang pagpapaliwanag. Pinagtitibay ng Diyos ang Kanyang Salita, at 'yun ang interpretasyon Nito. Gaya ng sinabi ko maraming beses na, sinabi Niya sa pasimula, "Magkaroon ng liwanag," at nagkaroon ng liwanag. Hindi na kailangang ipaliwanag pa 'yun; nangyari na. Sinabi Niya, "Isang birhen ang magdadalan-tao," nagdalan-tao nga ang babae. Sinabi Niya na Kanyang "ibubuhos ang Kanyang Espiritu," ginawa nga Niya. At sinabi Niya, "sa huling mga araw," ang mga bagay na Kanyang gagawin, haya't ginagawa Niya ito! Hindi Nito kailangan ng anumang interpretasyon; ang Diyos ang gumagawa ng Sarili Niyang interpretasyon. Kahit na ano pa ang sabi-sabihin ng hangal na tao, hindi nun mapipigil ang Diyos kahit kaunti.

58 Noong si Jesus ay nasa lupa, kinaharap nga Niya roon ang ganoong katalamak na di-pananampalataya gaya ng kinakaharap natin, at marahil higit pa. Pero hindi Siya nun napigil; nagpatuloy Siya sa paggawa at pagtupad sa Kanyang tungkulin, at pinagtitibay ng Diyos ang lahat ng ginawa Niya. Ang sabi Niya, "Hindi sa ganang Sarili Ko. Ang Ama at Ako ay iisa; Siya'y nananahan sa Akin. Hindi Ako ang gumagawa ng mga gawa, ang Ama ito na nananahan sa Akin. At kung hindi Ko ginagawa ang Kanyang mga gawa, kung ganoon ay huwag n'yo Akong sampalatayanan; pero kung ginagawa Ko ang mga gawa at di n'yo pa rin Ako masampalatayanan, manampalataya kayo sa mga gawa." Kita n'yo? Sa madaling salita, sila . . . "Saliksikin n'yo ang Mga Kasulatan," ang sabi Niya, "sapagkat iniisip n'yo na doon kayo nagkamit ng Buhay na Walang Hanggan, sa kaalaman nga ng Mga Kasulatan. At ang Mga Kasulatan, Mismo, ang nagpapatotoo sa Akin." Amen! Grabeng pahayag! "Ang mga ito nga, ang Mga Kasulatan, ang nagsasabi sa inyo kung Sino Ako," sabi ni Jesus.

59 At ang mga Kasulatan ang nagsasaysay sa inyo ng oras na kinabubuhayan natin. At ang mga bagay na nakikita n'yo na ipinangyayari, ang Diyos Mismo ito sa kalagitnaan ng Kanyang hirang. Walang makapagbabangon sa patay kundi ang Diyos. Walang makagagawa ng mga bagay na ginagawa Niya ngayon kundi Siya. Dahil sinabi ng Biblia, "Siya'y ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman."

60 Ngayon nakikita natin ang modernong kalakaran na 'yun ng mga tao, hayan nga, "Oh, lipas na ang mga araw, wala nang ganyang bagay gaya ng mga himala. Ang mga tao'y nilulukuban lamang ng emosyon."

61 Pakinggan n'yo nga ang Elias na 'yun, ang propeta, na sumisigaw laban sa kanila at sa kanilang mga teologo. Pansinin, pansinin, nangusap siya na para bang Diyos siya Mismo. Nangusap si Elias na para bang Diyos siya Mismo, "Ang hamog

ay di papatak mula sa Langit hangga't sabihin ko ito." Amen! Siyanga, po.

62 Ang propeta'y namalagi nang matagal sa Presensya ng Diyos, ang mga propeta ng Lumang Tipan, o ng anumang panahon, gayong sila'y nabubuhay sa Presensya ng Diyos hanggang sa sila'y maging ang Salita, ang Mensahe nila na siyang Salita Mismo. At, alalahanin n'yo, ang sabi niya, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON." At noong ang mga kalalakihang ito'y kamit ang mga mensahe mula sa Diyos, at sila'y naging balot na balot na ang sarili nilang kaisipan . . . Ito marahil ay laban sa kanilang kaisipan, marahil di pa nila kaya na—na makita ito nang tama. Pero ipinapangusap nga nila ang Salita ng Diyos, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON."

63 "Hindi magkakaroon ng ulan hanggang sa sabihin ko ito." Oh, grabeng pahayag! Matagal-tagal siyang namalagi sa Presensya ng Diyos at pinagtibay nang lubos na ganap mismo. At, alalahanin n'yo, lumalakip din 'yan sa Amos 3:7, "Ang Panginoon ay walang gagawin hanggang sa unang-una'y ihayag Niya ito sa Kanyang mga lingkod na mga propeta." Sabi, "Walang anumang ulan ang papatak!" Kanyang unang-una . . .

64 Tinawanan nila siya, inaakala nila na baliw siya, "Ang panatiko na 'yun!" Pero, kita n'yo, kamit niya ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON na hindi uulan. At, ang Diyos, bago niya gawin 'yun, inihayag Niya ito kay Elias na Kanyang lingkod. At siya'y isang pinagtibay, na pinatunayang propeta, kaya marapat lamang na ang mga tao'y magsisi. Pero, sa halip na ganoon, tinawanan nila siya, ang sabi, "Oh, sagana kami sa ulan! Puno ang mga imbakan ng tubig. Dumadaloy nang mainam ang mga ilog."

65 Sinabi ng Biblia na, "Wala ni hamog nang tatlong taon at anim na buwan." Lahat ng mga batis at katubigan ay natuyo, sa lahat ng dako. Hindi 'yung taong 'yun, kundi ang Diyos na nagsasalita sa pamamagitan ng taong 'yun. Yun 'yung "Ako" nga. Alam natin sa tuwina. Kaya siya . . .

66 Natuklasan natin na kapag ang isang tao'y dumarating, na ipinadala mula sa Diyos, itinalaga ng Diyos, kamit ang tunay na GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ang mensahe't ang mensahero ay iisa't siya rin. Dahil siya'y ipinadala para irepresenta ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON, Salita sa Salita, kaya siya at ang mensahe'y siya rin.

67 Ang makadenominasyong tao sa ilalim ng makadenominasyong tangkilik, siya at ang iglesya ay "iisa." Ang teologo sa ilalim ng teolohiya, na ginawa ng kung anong denominasyon, siya at ang kanyang mensahe ay iisa; ang iglesya ng teolohiya, ang teologo. Ganoon nga mismo.

68 Pagkatapos kapag may tao na darating dala-dala ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON, siya at ang Mensahe

ay isa. At noong dumating si Elias dala-dala ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON, siya at ang mensahe'y naging isa. Katulad ni Jesus, noong dumating Siya, Siya ang Salita, San Juan 1. Kaya ang Salita ng Diyos at ang mensahero ng kapanahunan ay 'yun at 'yun din, sa tuwina. Ganoon nga.

69 Si Jesus ang Salita na iprinopesiya. Siya yaong sinaysay ng mga propeta na mangyayari, "Isang birhen ang magdadalan-tao at manganganak ng Batang ito." Doon mismo sa simulang-simula, sinabi sa kanila ng Diyos, sabi, "Dudurugin ng Binhi ng babae ang ulo ng serpiyente, at dudurugin niya ang kanyang sakong." Lahat ng mga propesiyang ito'y inilahad na. Kahit 'yung pagtangis ni David, lahat ng iba pang propeta sa mga kapanahunan, haya't ipinapangusap Siya. Siya ang Salitang 'yun na nahayag! Hallelujah!

70 Ngayon nakikita n'yo na ba kung saan ko sinisikap makadako? Nangusap ako nang tahasan at payak kaninang umaga. Hindi n'yo ba nakikita ang kapamahalaan ng buhay na Diyos sa buhay na Iglesya, ang Nobya? Ang mga maysakit ay pinagagaling, ang mga patay ay ibinabangon, ang mga pilay ay nakakalakad, ang mga bulag ay nakakakita, ang Ebanghelyo nga'y umuusad sa kapangyarihan Nito, dahil ang Mensahe at ang mensahero'y siya rin. Ang Salita ay nasa Iglesya, nasa tao.

71 Ang Salita ng Diyos ay nakay Elias noong lumakad siya roon dala ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON, at nagsabi, "Hindi uulan." Hindi si Elias 'yun; ang Diyos 'yun na nakay Elias.

72 Maraming beses ko nang nabanggit, gaya nung Christian Science na binibini na nagsabi sa akin minsan. Naikuwento ko na nang maraming beses ang tungkol dito. Ang sabi niya, "G. Branham, masyado mong ipinagmamalaki si Jesus."

Sabi ko, "Umaasa ako na 'yan lang ang bagay na ipagsusulit ko."

Tapos sabi niya, "Ginagawa mo kasi Siyang Diyos."

Sabi ko, "Diyos namang talaga Siya."

73 Sabi, "Oh, propeta Siya, mabuting tao Siya, pero hindi Siya Diyos."

74 Tapos sabi ko, "Buweno, magpakita ka ng isang Kasulatan na nagsasabi na Siya'y hindi nga."

75 Sabi niya, "Sa Aklat ni San Juan, sinasabi dun na Siya'y 'tumangis' noong nagtungo Siya sa libingan ni Lazaro."

76 "Buweno," sabi ko, "tunay naman, tumangis Siya. Siya'y parehong tao at Diyos. Siya'y tao, na umiiyak; pero kinakailangan mismo na Diyos Siya para ibangon ang patay." Siyanga. Sabi ko, "Isa siyang tao, na nagugutom; pero Siya'y Diyos na nagpakain ng limang libo, gamit ang dalawang tinapay at limang isda." Siyanga. "Siya'y isang tao, na natulog sa likod

ng bangka; pero ang Diyos 'yun na nasa Kanya ang nagpatigil sa mga tubig." Dahil bakit? Siya at ang Kanyang Mensahe ay iisa.

77 Sabi Niya, "Ako at ang Aking Ama ay iisa. Ang Aking Ama ay nananahan sa Akin." Siya ang kapuspusan ng Diyos sa katawan.

78 Naisip ko nga na kapansin-pansin nung isang araw, noong inilalahad ko 'yung *Ang Pitong Kapanahunan Ng Iglesya*. Nung una nga, hindi ko—hindi ko maisip kung papaanong si Jesus ay nakatayo roon na 'yung...may puti sa ulo Niya nang paganoon, sabi, "Ang buhok Niya'y kasing puti ng lana." Hindi ko maintindihan kung papaanong ang isang lalaki na tatlumpu't tatlong taong gulang ay puti na na gaya ng niyebe.

79 Tumawag ako sa isang mahusay na teologo, Pentecostal na teologo, isang mabuti't minamahal na kaibigan. Buweno, si Kapatid na Jack Moore nga. Siya'y matalino't, intelihenteng tao. Sabi niya, "Kapatid na Branham, si Jesus 'yan na niluwalhati na. Yan ang itsura Niya matapos na Siya'y maluwalhati." Hindi, hindi ko nga mapaniwalaan. Hindi.

Sabi ko—sabi ko—sabi ko, "Buweno, Kapatid na Moore, salamat."

80 Pumasok ako roon sa silid at nag-umpisang mangusap sa Diyos. Tiningnan ko sa concordance ko't tinugaygay Siya sa Daniel, kung saan ang sabi dun, "At hetong dumating ang Matanda ng Mga Araw na ang Kanyang buhok ay kasing puti ng balahibo ng tupa." Sabi ko, "Panginoon, hindi ko—hindi ko—hindi ko alam ang sasabihin, at may responsibilidad ako." Ngayon, 'yun nga'y bago ang pi-. . . at alalahanin n'yo, 'yan nga'y bago buksan ang Pitong Tatak, mga isang taon o higit pa, ang nakakaraan. Nananalangin ako roon, "Panginoon, ano po ito?"

81 At tumingin ako, nakatayo sa harapan ko, at doon nga'y nakatayo ang isang lalaki at siya'y isang hukom, at nakasuot siya ng puting peluka. Ang mga sinaunang hukom noong antigong panahon haya't sila'y nagsusuot ng puting peluka para ipakita na siya ang kataas-taasang awtoridad.

82 At pagkatapos noong makita ko si Jesus na may puting peluka, ang sabi ko'y pinagtitibay nito mismo ang katotohanan na nalalaman natin, na Siya ang Kataas-taasang Awtoridad. Pinatotohanan ng Diyos ang siya ring bagay dun sa Bundok ng Pagbabagong-Anyo, sabi, "Ito ang minamahal Kong Anak, pakinggan ninyo Siya, ang Kataas-taasang Awtoridad!"

83 Pagkatapos pabalik dun sa simula nung Pitong Tatak, noong ang pitong Anghel na 'yun ay bumaba sa anyo ng piramide, tumayo roon at sinabi sa akin na bumalik dito at ipangusap ang Pitong Tatak na 'yun, at sasamahan Niya ako, ipinakita Niya sa akin kung ano ang mga 'yun, ang mga naiwalang bagay. Iniisip ko noon na naselyuhan 'yun sa likod ng Aklat at bagay 'yun na

hindi nasusulat sa Aklat, pero mangyari nga na napag-alaman na hindi Niya maaaring gawin 'yun. Hindi pala 'yun bagay na nasusulat sa Aklat . . . bagay Yun na naitago sa Aklat. "Sapagkat ang sinuman na mag-alis ng isang Salita mula Rito o magdagdag ng isang salita Rito . . ." Kaya isa 'yung hiwaga na naroon sa Aklat sa pitong kapanahunan ng iglesyang ito. Ang bawat isa sa mga ito'y may—may bunsod na hiwaga, tungkol mismo sa pagbabautismo sa tubig at iba pang mga bagay na naiwaglit nila nang matagal.

84 Pagkatapos noong pumailanlang 'yun, 'yung malalaking obserbatoryo mula pa sa California, hanggang sa Mexico, doon sa Tucson, sa lahat ng dako, kinunan nila Ito ng litrato. Isa 'yung misteryosong tanawin. Si Kapatid na Fred Sothmann diyan, na nakaupo sa likod diyan, at ako at si Kapatid na Gene Norman, ay nakatayo roon noong lumitaw Yun sa ibabaw. Kinunan nila ng litrato, pero di nila alam kung ano 'yun. Dito di pa katagalan, sinasabi ng lahat, "Tingnan n'yo ito. Mukha itong *ganito*, at 'yun 'yung mga pakpak ng Anghel, nakatiklop nga ang mga 'yun dun."

85 Isang araw, noong ikutin ko 'yun pakanan, tinitingnan, naroon si Jesus Cristo na saktong-sakto mismo sa pagkakaguhit ni Hofmann sa Kanya. Naroon Ito na may suot na puting peluka, nakatunghay pababa sa lupa, na ipinapakita mismo na Siya ang Kataas-taasang Awtoridad. Dinedeklara mismo ng Kalangitan, dinedeklara ng Biblia, dinedeklara ng Mensahe, nang pare-pareho. Kataas-taasang Awtoridad, na may puting peluka; makikita n'yo ang itim Niyang balbas sa ilalim. Marami sa inyo ang nakakita na sa naturang larawan. Mayroon tayo nun doon. Ikutin n'yo lang sa kanan, patagilid, tingnan n'yo. Nandun nga Siya, na sadyang ganap mismo, animo'y nilitratuhan Siya. Maling anggulo ang tiningnan nila. Kinakailangan n'yong tingnan 'yun sa tamang anggulo. At tanging ang Panginoong Diyos ang makapaghahayag ng tamang anggulo. Ikutin n'yo pakanan at tingnan n'yo ito. Hayun nga Siya, sadyang ganap na parang nilitratuhan mismo, doon sa itaas.

86 Ang unang beses na nakita ko Siya, para Siyang 'yung *Head of* . . . Hofmann. Hindi ko pa 'yun nakikita noon. At sa tabernakulo ni Billy Sunday, makalipas ang ilang taon, nakita ko 'yun. Ang bahay ko nga'y di na kailan walang litrato nun mula noon.

87 Pagkatapos, dito sa himpapawid, sinasabi ko nga na ang mismong Diyos na nakita ko roon sa pangitain na 'yun dito, noong munting batang paslit pa ako rito sa tabi kung saan nakatayo ang gusali ng eskuwelahan, mukha nga Siyang ganoon. At dito sa Kalangitan, tatlumpu't tatlong taon ang nakalipas, ay idineklara, na 'yun ay katotohanan. Ganoon mismo ang itsura Niya; hindi kung anong mistikong bagay na ideya ng kung sinu-sino.

88 Gaya sa Vatican, mayroon silang isang—isang—isang Cristo na iginuhit doon, na may munting puting balbas o balbas na nakapalibot sa Kanyang baba, mga isang pulgada ang haba, abot hanggang sa ibabaw ng Kanyang bibig at *nakapaganito*, at tinatawag 'yun na Cristo.

89 At naisip ko tuloy ang isang Griyego na alagad ng sining na nakita ko isang beses sa isang sinaunang katedral, ipinapakita kung ano ang itsura ni Adan at Eba; mukha silang halimaw o kung ano. Ganoon ang bunga ng karnal na pag-iisip ukol sa kung anong espirituwal na bagay. Sa palagay ko nga si Adan ang pinaka guwapong lalaki na nabuhay kailanman, at si Eba naman ang pinaka perpektong babae sa anumang paraan.

90 Ngayon binabaluktot ng karnal na pag-iisip ang Bagay na 'yan sa sarili nilang mga ideya, pagkatapos magpapadala ang Diyos at ilalahad ang Bagay na 'yun sa pamamagitan ng Kanyang Kapangyarihan. Ganoon mismo ang nangyari rito noong panahon ni Ahab.

91 Ngayon, nasumpungan nga natin na nasasabi 'yun ni Elias, dahil ang napapanahong Mensahe at ang Salita ng Diyos, o, ang mensahero, ang Mensahe—ang Mensahe, at ang Salita, ay siya ring bagay na 'yun. Ang propeta, ang Salita, ang Mensahe; ang mensahero, Mensahe, at Mensahe, ay siya rin. Sinabi ni Jesus, "Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa na naisulat ukol sa Akin, kung ganoon ay huwag ninyo Akong sampalatayanan." Mainam nga. Sinumang tao at ang mensahe niya ay iisa.

92 Yan ang dahilan kung bakit ngayon di sila naniniwala sa paggawa ng mga gawa ng Diyos, dahil hindi nila tinatanggap ang Mensahe ng Diyos. Hindi nila pinaniniwalaan ang Mensahe.

93 Pero sila na naniniwala sa oras ng Diyos na kinabubuhayan natin, ang mga bagay na ito'y natatagong Pagkain. Isipin n'yo mismo, itinago Ito nang husto ng Diyos na kung titingin sila Rito ay haya't di nila Ito makita-kita. Ganoon din noong bulagin ni Elias ang hukbo ng Siria. Sa ganoon ding paraan na binubulag ng Diyos ang di-mananampalataya mula sa tunay na totoong Pagkain ng anak, ang mananampalataya.

94 Noong bansagan nila si Noe na, "isang panatiko," dahil sa pagtatayo nung daong, na ang kanyang mga mata ay nabuksan sa Salita ng Diyos at pangako. Yung mismong bagay na tinatawag nilang panatisismo, ang nagligtas kay Noe at sa kanyang pamilya. Kita n'yo, siya ring bagay. Yung bagay na tinatawanan ng mga tao, ay ang bagay na ipinapanalangin natin. Ang bagay na binabansagan ng mga tao na "kabaliwan," tinatawag nating "Dakila!" Ang tinatawag ng mundo na "dakila," tinatawag ng Diyos na "kahangalan." At ang tinatawag ng mundo na "kahangalan," tinatawag ng Diyos na "Dakila!" Magkaibang-magkaiba mismo sa pagitan ng Tama at mali. Si Jesus Cristo'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

95 Alalahanin n'yo, nagtungo siya sa isang lihim na dako sa pamamagitan ng plano ng Diyos, sa pamamagitan ng pagtawag ng Diyos, at Salita ng Diyos. Pumasok si Elias sa kanyang lihim na dako sa pamamagitan ng paunang kaalaman ng Diyos, plano, at sa katawagan sa kanyang buhay, at batay sa Salita. Kung hindi sa ganyang paraan ang pagpasok natin, hindi ko alam kung paano tayo makararating dun.

96 At pansinin n'yo, bago magsimula ang tagtuyot, nagtungo na si Elias sa lihim na dakong ito para sa ikabubuhay niya. Tipo mismo ng bago magsimulang tumama ang paghatol sa lupa, na ang Iglesya'y tinawag na palabas, pinili na ang Nobya, at naghihintay na lang bago tumama ang paghatol. Naghihintay na lang, kumakain ng Pagkain ng Diyos, nagsasaya sa mga pagpapala ng Diyos. Sinumang tao sa normal niyang pag-iisip ay nalalaman na padiretso na tayo, nasa oras na tayo mismo ng paghatol.

97 Tingnan n'yo! Si Kapatid na Banks, ilan sa inyo na mga kalalakihan na narito ngayong gabi, na nakatayo roon sa bundok na 'yun noong umaga na 'yun.

98 At nais kong mangusap tungkol sa bundok na 'yun, sa susunod na Linggo ng umaga, loobin ng Panginoon. May nakuha akong dakilang kapahayagan, bagay na malalim na halos hindi ko mapigilang di sabihin sa inyo ngayong gabi. Pero aking. . . Kita n'yo? At tuluy-tuloy nga, sa tuwina, may mangyayaring isang bagay pagkatapos ng isa pa. Kita n'yo? Hindi nga hihinto, dahil ito'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON.

99 Bawat isa sa inyo rito, sa makalibong ilang libo na mga nasa teyp, ay narinig ako na tumayo at nagsabi, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON, magiging *ganito* at *ganito*." At maging ang mga diyaryo at mga magasin ay marapat mismo na ideklara 'yun na ganoon. Wala silang kaalam-alam tungkol dun, pero nakita nila ito. Wala silang kaalam-alam kung ano ito, pero nakita nila ito, na ibinubunsod ang Salita na eksaktong katotohanan mismo.

100 Nakatayo kami rito sa ilog, noong ang Anghel ng Panginoon ay bumaba nung araw na 'yun, tatlumpu't tatlong taon, o, noong 1933, bumaba at nangusap ng mga bagay na ginawa Niya. Lumakad dun, at maraming kalalakihan ang natayo sa pampang doon, sabi, "Ano kayang ibig sabihin nun, Billy?"

101 Sabi ko, "Di 'yun para sa akin; para 'yun sa inyo. Naniniwala kasi ako; kayo'y hindi." At nagpatuloy na sa paglalakad.

102 Pagkatapos ang sabi sa akin nung pastor, ang sabi niya, "Ang ibig mong sabihin ikaw, na ikapitong-grado ng edukasyon lang ang naabot, na lilibot ka sa buong mundo at mananalangin para sa mga monarko at mga makapangyarihan at mga hari at mga bagay-bagay? At, oh," sabi, "kalimutan mo na Yan!"

103 Hindi ko nga Ito malilimot, nakaukit na Ito sa puso ko. Ngayon dito, tatlumpu't tatlong taon ang nakalipas, lahat ng

sinabi Niya ay nangyari mismo sa paraan na sinabi Niya na Kanyang gagawin. Siya'y Diyos at hindi nabibigo. Sa tuwina'y tinutupad Niya ang Kanyang Salita. Siya. . .Huwag na huwag n'yong pag-aalinlanganan Ito.

104 Ngayon, pansinin, nagtungo siya sa pamamagitan ng plano ng Diyos (ng paunang kaalaman), ng pagtawag ng Diyos, at Salita ng Diyos, at nagtungo siya bago dumating ang tagtuyot.

Ngayon, alam natin na ang paghatol ay handa nang tumama.

105 Nakatayo ako sa burol noong araw na 'yun, naroon din si Kapatid na Banks Wood, naglalakad kami noon paakyat ng burol. Marahil banggitin ko ito uli, para palakihin nun ang inyong pananampalataya para sa pilang ito para sa pananalangin na gaganapin sa loob ng sampu, labinlimang minuto. Nauuna lang ako nang kaunti sa paglalakad kay Kapatid na Banks. Siya nga'y. . .Sa palagay ko naiwan niya si Kapatid na babaing Ruby noong may sakit ito. At nasa likuran ko siya, napansin ko ang mukha niya, namumula. Lumingon ako pabalik. Naisip ko na baka nahihirapan siya nang kaunti sa pag-akyat dun sa burol, kaya medyo binagalan ko. Doon mismo sa mga ilang dun, doon mismo sa mga burol nang *paganoon*, doon nga'y nagpakita ang mga Anghel ng Panginoon. Patahak kami sa direksyon na 'yun, kung saan nagpakita Sila nang mga ilang buwan bago 'yun.

106 At noong paakyat ako sa burol, ang Espiritu ng Diyos. . . Noong bumaling ako, para tumingin dun sa taluktok ng bundok, ang sabi Niya, "Pulutin mo ang bato na 'yan, at sabihin mo sa kanya, 'GANITO ANG SABI NG PANGINOON, makikita mo ang Kaluwalhatian ng Diyos sa susunod na ilang oras.'"

107 Pinulot ko nga ang bato, at nagsabi, "Kapatid na Banks, di ko alam kung bakit," initsa ko 'yun sa ere, tapos sabi ko, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON, makikita mo ang Kaluwalhatian ng Diyos."

Sabi niya, "Ang ibig sabihin ba nun si Ruby?"

108 Sabi ko, "Hindi, sa palagay ko walang kinalaman 'yun sa'yo, Banks o kay Ruby, alinman sa inyo. Sa palagay ko sinasabi lamang Nito, 'GANITO ANG SABI NG PANGINOON, may bagay na mangyayari.'"

109 At noong sumunod na umaga habang nakatayo kami roon, marami sa kalalakihan, hindi ko lang alam kung ilan ang nakaupo rito ngayon, nasa labindalawa o labing-apat, labinlima sa amin ang nakaupo roon. Bigla-bigla na lang, isang ministro ang lumapit sa akin at ang sabi niya, "Kapatid na Branham," sabi niya, "ang pangalan ko ay *Ganito-at-ganoon*." Sabi, "Isa ako sa mga tagapagtaguyod mo noon sa California."

110 Sabi ko, "Ikinagagalak ko na makatagpo po kayo, ginoo." Si Douglas McHughes. Sabi niya, "Ako'y . . . " Sabi ko, "Ako'y nagagalak na makatagpo kayo." Nakipagkamay ako sa kanya.

111 Sabi niya, "Buweno, ngayon, mayroon lang akong nais itanong." Sabi . . . Si Roy Roberson, na katiwala rito; sina Kapatid na Wood, sina Terry at Billy, at, oh, si Kapatid na Mc Anally, at hindi ko lang maalala kung sinong lahat ang nakatayo roon. At ako . . . Sabi niya, "May nais akong itanong sa'yo." Sabi niya, "Ang Panginoon ba'y nakapagbigay na sa iyo ng mga pangitain na tulad nito?"

112 Sabi ko, "Oo, kapatid, pero nagtungo nga ako rito para tila ba makalayo roon, para magpahinga sana."

Tapos tumingin-tingin ako sa paligid nang *paganito*, at may nakinita akong isang doktor na malaki ang katawan na sumusuri sa kanya, sabi, "Rev. McHughes, itong alerhiya na ito sa mata mo ay bubulagin di kalaunan 'yang mata mo. Ako'y doktor mo nang dalawang taon na, at wala na akong anumang magagawa pa para rito."

Tapos bumaling ako sa kanya. Sabi ko, "Yang nais mong itanong sa akin, tungkol 'yan sa 'yung doktor mo'y nagsabi sa'yo, nung isang araw, 'Yang alerhiya na nasa mata mo.'" Kalagitnaan ng araw noon, mga alas onse, at nakasuot siya ng salaming pananggalang sa araw. Sabi ko, "Ang dahilan; hindi mo nga suot-suot 'yan dahil sa araw, kundi dahil sa mata mo. Sinabi niya sa'yo na 'mabubulag 'yang mata na 'yan.'"

At nagsimula siyang umiyak, sabi, "Tama po."

113 Bumaling ako para maglakad-lakad uli, may dala akong pala. At tumingin ako; nakita ko siya na nakatayo roon na nakatingin sa akin, 'yung mga mata niya'y nagniningning mismo. Sabi ko, "Pero GANITO ANG SABI NG PANGINOON, hindi mabubulag 'yang mata mo na 'yan." Ako nga'y nangaso kasama siya nitong nakaraang taglagas lang, mas nakakakita pa nga siya nang maigi kaysa sa akin at sa kaninuman sa mga narito. Hindi siya kailanman . . .

114 At may nakinita akong isang matandang ginang na ibinaba ang kanyang stocking at itinaas ang tagiliran ng kanyang palda. Sabi niya, "Anak, kapag makita mo si Kapatid na Branham, sabihin mo sa kanya na ipanalangin ang mga paa ko." At tumingin ako roon, at may munting . . . mistula ngang mga tumor na nakaumbok-umbok sa kanyang mga paa, nababalutan.

115 Sabi ko, "Ang nanay mo ay ubaning babae. 'Anak ko,' kita mo. Sinabi niya sa'yo bago ka umalis, na kung makita mo ako, ay ipanalangin ko raw ang mga paa niya. May maliliit siyang mga tumor, tila ba, na nakaumbok-umbok sa buong mga paa niya." Muntik nga siyang mahimatay.

Sabi, "Katotohanan nga 'yan."

Sabi ko, "Sabihin mo sa kanya na huwag mag-alala. Magiging maayos ang lahat."

116 Nagsimula na akong maglakad-lakad. Pagkatapos narinig ko ang Tinig ng Diyos na nagsasalita, ang sabi, "Umalis ka sa daan, madali."

Nakatayo roon si Roy Roberson, yamang nalalaman ko na beterano siya ng digmaan, ipinatong ko ang kamay ko sa balikat niya, sabi ko, "Kapatid na Roy, magtago ka, sa bilis na makakaya mo!"

Sabi, "Anong problema?"

Sabi ko, "Umalis ka sa daan! Magtago ka!"

117 At nagsimula akong maglakad-lakad, ibinaba ko ang pala ko, lumingon ako, hinubad ko ang sumbrero ko. At heto Siya na dumarating, ang Kaluwalhatian ng Diyos na bumababa sa isang ipo-ipo na tumipak sa gilid nung bundok nang paganoon, at sumabog at niyugyog 'yung lugar nang paganoon, tinapyas 'yung ibabaw nung mga palumpon; mga halos tatlo o apat, limang talampakan sa ibabaw ng ulo ko. Pumaitaas na parang isang imbudo nang paganoon; sumabog Ito muli. At, heto Ito na dumarating, nang tatlong beses.

118 Pagkatapos nung umalis na Ito, sa ikatlong beses, lumapit si Kapatid na Banks, sabi, "Yun ba 'yung binabanggit mo?"

Sabi ko, "Oo."

Sabi, "Ano ba 'yun?"

119 Sabi ko, "Nagpapakita nga ang Diyos sa mga ipo-ipo." Hindi ko alam kung nais niyang sabihin ko sa mga tao o hindi.

120 Pagkatapos nagpatuloy na ako't nanalangin nang kaunti. Pagkatapos sinabi ng Diyos sa akin na maaari kong sabihin sa kanila. Sabi ko, "Kahatulan ito na tatama sa Kanlurang Baybayin." Tingnan n'yo siya ngayon! Tingnan n'yo ang nangyari mga ilang oras lang pagkatapos nun: lumubog halos ang Alaska. At ngayong ang buong 'yun ay pumapailalim nga. Pumapasok na tayo sa paghatol. Niyurakan ang habag.

121 Pero salamat sa Diyos, mayroon tayong natatagong Pagkain, espirituwal na Pagkain, na nabubuhay tayo sa kabutihan at habag ng kapahayagan ukol kay Jesus Cristo sa huling mga araw na ito, pinagtitibay ang Kanyang Sarili sa gitna ng Kanyang bayan. Amen! Pumasok na sila. Pumasok si Elias bago dumating ang tagtuyot. Salamat sa Diyos sa pagpasok Niya sa eksena bago dumating ang kahatulan. Ngayon ay panahon na para lumabas at para pumasok, lalabas mula sa mga organisasyon at papasok kay Cristo, isang paglabas at pagpasok para sa lahat ng tunay na mga mananampalataya.

122 Pagkatapos tinawag siya, at nanatili roon. Alalahanin n'yo, hindi siya umalis sa batis na 'yun hanggang tawagin siya ng Diyos.

123 At pagkatapos na malapit nang matapos ang tagtuyot, tinawag siya ng Diyos palabas dun, pinapunta sa bahay ng isang balo. Pansinin, tinawag siya ng Diyos patungo sa balo na ito. At itong balo na ito'y hindi kinaugnay ang sarili sa mga di-mananampalataya; na tumanggap ng tanda ng hayop noong panahon ng tagtuyot. Mangyari nga na Kanyang tinawag ang babae para. . .o tinawag si Elias para tustusan ang balo na ito. Mayroon lang silang isang munting tinapay, isang kaunting pagkain na kanyang inihahanda. At ang sabi ni Elias, "Ibigay mo 'yan sa akin, unang-una. Dahil, GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ang gusi na 'yan ay hindi mawawalan ng laman ni ang banga'y matutuyo, hanggang sa araw na magpadala ang Panginoong Diyos ng ulan sa lupa." Inilalagay ang Diyos bilang una, ang Kanyang Salita na una!

124 Pansinin, may harina sa gusi. Sa tuwing pupuntahan niya ang harina, may harina sa gusi. May langis sa banga, sa tuwing pupuntahan niya. Bakit? Kinakatawan ng harina si Cristo sa handog-na-harina. Kinakailangan na maihanda nang tama ang mga butil, na madikdik ang bawat isa sa mga 'yun. Na ang bawat butil ng harinang 'yun ay dapat na eksaktong pare-pareho, ipinapakita na Siya ay siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Yun ang Salita, ang Tinapay ng Buhay na lumalakip sa mensahe, para patotohanan ang Salita.

125 Ganoon din sa panahon ngayon, mga kaibigan. Ganoon din sa panahon ngayon, na ang Tinapay ng Buhay na kinakain ng mga anak, ay lumalakip sa Mensahe ng Diyos, para tustusan sila sa panahon ng tagtuyot. Ano kaya kung tumayo Siya sa piling natin ngayon? Ano kaya kung tumayo Siya sa piling natin ngayon? Aakto Siya nang eksakto mismo sa ginawa Niya noong panahon na Siya'y nasa laman pa rito sa lupa. Ang Nobya ay bahagi ng Asawang Lalaki, ang Iglesya'y pareho kay Cristo. "Ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo." At ang Salita ang gumawa nito. Sinabi Niya sa atin na ang mga bagay na Kanyang ginawa ay gagawin din naman natin.

126 Napansin natin dito muli, na kung ang Salita ay nasa atin at dumating sa atin, gaya ng dumating Ito kay Elias noong panahon na 'yun, gagawin Nito ang siya ring bagay na ginawa niya, siya'y kakain nang lihim sa Mga Bagay ng Diyos na natago mula sa mundo. Oh! Muli, pinagiging isa nito ang Mensahe at ang mensahero. Ang espirituwal na Pagkain ay handa na, at Ito'y nasa panahon na ngayon. At bawat isa sa inyo'y maaaring magkaroon ng Pagkaing ito kung nanaisin n'yo Ito, kung handa kayong tumalilis mula sa lahat ng di-pananampalataya ng oras na ito, kung handa na kayong lumapit kay Cristo, lumapit sa Kanyang pangako.

At alalahanin n'yo ang mga pangako Niya, sa Malakias 4, Lucas 17:30, maging sa San Juan 14:12, at ilan pang mga Kasulatan, na nagsasaysay, Joel 2:38, at lahat ng gagawin Niya,

o 2:28, pala, tungkol sa kung anong gagawin Niya sa huling mga araw na ito. At kung paano ayon sa sinabi ng propeta na Magliliwanag sa huling mga araw na ito, paano Ito gagawa, ano ang gagawin Nito, na ang mga Kasulatan ay tumuturo sa huling araw na ito. At si Cristo 'yun! Kung magagawa mong kumubli Roon ngayon, sa lihim na Dakong 'yun, makakakain ka at makikita ang kabutihan at habag ng Diyos. Kung may sakit ka, may kagalingan doon.

127 Naalala n'yo noong si Eliseo, noong paglaon, tinawag para pumunta naman sa. . .Matapos na kainin niya ang handog-na-harina na 'yun, si Cristo, at tinustusan ang bahay ng balo sa pamamagitan Nito. Pansinin n'yo, pagkatapos nun noong tumawag siya ng apoy na bumaba mula sa kalangitan, at kung ano pa, at pinatunayan ang pagpapadala sa kanya, ng Diyos, ang Espiritu ng propeta.

128 Pansinin n'yo, sa ilang, noong nakahiga siya roon sa ilalim ng puno ng enebro, may Anghel na pumaroon na may dalang siya ring uri ng harina, at naghurno ng ilang tinapay at pinakain siya. At maya-maya ay pinatulog siyang muli, at ginising siya, at marami pa siyang mga harinang-tinapay na hinurno roon para sa kanya. At lumarga na siya sa lakas mula sa mga tinapay na 'yun nang apatnapung araw. Luwalhatiin ang Diyos! Siya'y siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Oh, ganoon na lamang natin Siyang kamahal, espirituwal na Pagkain sa panahon Nito!

129 "Hindi marapat na kunin ang tinapay ng mga anak at ibigay 'yun sa mga aso." Hindi ba't sinabi ni Jesus ang siya ring bagay na 'yun dun sa babaing Sirofenisa? Siya'y ipinadala para sa Kanyang Sariling bayan. Siyanga. At sila ang ipinunta Niya . . . Hindi Siya kailanman pumunta sa mga Gentil.

130 At ngayon sa panahon ngayon Kanyang dinadalaw ang mga Gentil sa panahon nila, at hindi ito marapat na . . .

131 Sasabihin n'yo, "Bakit ang Mensaheng ito'y hindi napupunta sa naglalakihang mga lugar na ito, sa malalaking mga krusadang ito, gaya na lang sa kalagitnaan ng mga denominasyon?"

132 Hindi nila kasi Ito Pagkain. Hindi ito 'yung sa iglesya, na tinatawag nilang, Pagkain. Ito'y Pagkain ng Nobya. Ito'y espirituwal na Pagkain na napapanahon. Sasakit ang tiyan nila dahil Dito. Masyadong mayaman Ito para sa kanila. Kita n'yo? Kita n'yo? Hindi n'yo—hindi n'yo—hindi n'yo magagawa. Pero, para sa mga anak, Ito'y Tinapay, Ito'y Buhay, Ito'y si Jesus Cristo na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

133 Masyado tayong maaatrasado kung di natin sisimulan ang pila para sa pananalangin ngayon, kaya iyuko na natin ang ating mga ulo pansumandali.

134 Minamahal na Diyos, Pagkain sa takdang panahon, espirituwal na Pagkain. Bagay na walang kaalam-alam ang

mundo. Ganoon na lamang na napakinggan namin ang aming Panginoon na nagsabi noong gabi na 'yun, o noong araw na 'yun doon sa Samaria, sa parehong dako na nilakaran ni Eliseo at nagsabi, "Hayan nga, hindi papatak ang hamog hanggang sa sabihin ko ito." Hetong nakatayo si Jesus doon na sinasabi sa Kanyang mga alagad.

Sabi, "Guro, bakit di Ka kumain?"

Ang sabi Niya, "Mayroon akong Pagkain na hindi n'yo nalalaman."

135 Tunay, Panginoon, ang Pagkain Niya ay ang gawin ang kalooban ng Diyos, para makita ang mga gawa ng Diyos na mahayag sa Kanyang oras. Naroon Siya para makita na ito'y magawa. "Hindi Ako gumagawa ng anuman maliban na ipakita muna sa Akin ng Aking Ama. Ang ipakita sa Akin ng Ama, ay siyang gagawin Ko."

136 At, Ama, ganoon din sa panahon ngayon. Ang Iglesya, ang tunay na mananampalataya, ang Katawan na binubuo ng mga mananampalataya, ay may daan tungo sa Pagkain, espirituwal na Pagkain, na hindi alam ng mga nominal. Walang kaalam-alam ang mundo sa Pagkaing ito, Ama. Pero ang Iyong Iglesya, ang Iyong bayan, ang Nobya ng Iyong Anak, ay iniibig Ito.

137 May daan kami tungo sa kagalingan ng aming mga katawan kapag bigo na ang mga doktor. May daan kami tungo rito. Ito'y isa sa mga Pagkain ng Diyos, na Kanyang ibinigay sa Kanyang Iglesya, at ipinangako ito sa huling mga araw sa Kanyang nananampalatayang mga anak. Ama, tulungan Mo po kami na maging nananampalatayang mga anak, dahil ang lahat ng mga bagay ay posible sa mga mananampalataya. Iyo pong ipagkaloob ito, Minamahal na Diyos. Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

138 Sa palagay ko nabanggit sa akin ni Billy na namahagi sila ng ilang prayer card. May makapagsasabi kaya nung letra na nandun sa prayer card, 'yun po ang nais kong malaman. [May nagsasabi, "C."—Pat.] C, sige, kunin natin ang C, bilang isa, 'yun ang una, hanggang sa masimulan ko 'yung pila. Kita n'yo, ngayon, marahil nasa buong paligid sila. Ngayon, sige't ang lahat. . .Buweno, kita n'yo, susubukan ko na rito. Hindi ko lang alam kung magagawa ba natin o hindi. O puwede ring magkaroon na lang tayo ng pila sa pamamagitan ng pagtawag; maupo lang kayo. Walang kaso sa akin. Kung gusto n'yong pumarito sa entablado, o magkaroon na lang ng pila sa pamamagitan ng pagtawag, walang kaso, alinman diyan. Dumedepende lang ako sa Espiritu Santo. Dumedepende ako sa Kanya na ipagtanggol ang Salitang ito na ipinangaral ko.

139 Kapatid na George Wright, sinasampalatayanan ko Ito. Mula noong munting batang paslit pa ako, na dumadalaw sa bahay n'yo maraming taon na ang nakalipas, pinakikinggan ko 'yung

matandang whippoorwill na ibon na 'yun na nakadapo sa puno, sinasampalatayanan ko ang siya ring Mensahe. Naniniwala ako na Ito'y pareho pa rin.

140 Sige, nakikita ko na nag-aayos na sila rito para magpapila para sa panalangin. Sige, prayer card C, bilang isa, dalawa, tatlo, apat, lima, una kayong lumapit at tumayo lang dito. Kung hindi kayo makatayo, kung kaya n'yong itaas ang mga kamay n'yo, may pupunta sa inyo para alalayan kayo. [May nakikipag-usap kay Kapatid na Branham—Pat.] (Ano 'yun? Sige. Uh-huh.) Prayer card C, bilang isa, dalawa, tatlo, apat, lima. At ngayon pansinin, kayo na walang prayer card. . .

141 Ngayon, matagal na akong hindi nagpapapila para sa pananalangin, matagal-tagal na. Ilan ang nakakaalala nung atas sa akin noong itayo ang tabernakulo rito? Ang sabi'y, "Gawin mo ang gawa ng isang ebanghelista." Hindi sinabi na ako'y isang ebanghelista. Ang sabi, "Gawin mo ang gawa ng isang ebanghelista," kita n'yo, "dahil darating ang oras na babaguhin 'yan." Parating na ang oras na 'yun. Buweno. Ngayon, dito, Siya. . .

142 Hindi n'yo maaaring paghaluin ang dalawa o tatlong magkakaibang pagmiministeryo, magpapastor at magi-ebanghelista, nang sabay. Hindi ka maaaring isang—isang propeta at marahil isang pastor, nang sabay, kita n'yo, dahil magkaiba ang inyong mga gawa, magkaibang ministeryo.

143 Pero ipinagkaloob sa akin ng Diyos kung ano ang gagawin ko sa Mensahe ko. Pero hayan nga na sinabi Niya, "Gawin mo ang gawa ng isang ebanghelista, patunayang ganap ang iyong pagmiministeryo, dahil darating ang oras na di na nila titiisin ang magaling na Aral." Kung hindi ba't dumating na 'yan ngayon! Bawat makadenominasyong iglesya'y tinanggihan na ako. Hindi nila titiisin ang magaling na Aral. "Ngunit sa pamamagitan ng sarili nilang pita ay magsisipagbunton sila ng sarili nilang mga guro, at babaling sila sa mga katha. At gagawa sila ng malalaking bagay ng kapahangasan gaya nina Jambres at Janes na nagsilaban kay Moises, subalit ang kanilang kamangmangan ay mahahayag." Kita n'yo? Kita n'yo? Buweno, mga panggagaya! Nakikita n'yo kung papaanong sina Jambres. . .

144 At, batid ng Diyos sa langit, nakalagak 'yun doon sa panulukang-. . .(ng tabernakulong 'yun). . .-bato mula 1933, nakasulat sa isang pahina ng Biblia, nakalagak dun. Tingnan n'yo kung paano nila ginawa 'yun. Tingnan n'yo kung paano 'yun napangyari. Mga panggagaya, sakto mismo. Sabi, "Hayaan sila, ang kamangmangan nila'y mahahayag sa paraan gaya nina Jambres at Janes noon." Narito na tayo sa araw na 'yan.

145 Nakita ko ang iglesya noon nung inilalagak natin 'yung panulukang bato, nasa pasimano 'yung mga tao noon at sa

buong paligid, nakatayo sa palibot ng mga pader ng tabernakulo. Hayan nga. Sabi nila, noong itinayo 'yun, 'yung mga tao sa siyudad dito, ang sabi, "Sa loob ng anim na buwan. . . " Tayo nga'y may isang dolyar lang at walumpung sentimo noon para itayo ang isang tabernakulo, marami sa mga naggagarahe ang napagpasyahan na noon na magiging garahe nila ito. Pero nananatili pa rin itong kulungan ng mga tupa para sa mga Tupa ng Diyos.

146 Bilang isa, dalawa, tatlo, lima, anim, pito, walo, siyam, sampu. C, bilang anim, pito, walo, siyam, sampu. Sige.

147 Ngayon, "Ako na Panginoon ay itinanim ito, Akin itong didiligan araw at gabi na di nila ito maagaw mula sa Aking kamay." Tingnan n'yo 'yung mga kritisismo! Walang denominasyon para suportahan Ito. Walang mga iglesya ang katulad Nito rito sa buong bansa. Walang Pentecostal sa bansa, wala talagang nais itaguyod Ito. Ang lahat ay laban sa pagbabautismo sa tubig, ang lahat ay laban sa lahat ng iba pang mga bagay na ito. Maging sarili kong pamilya, sarili kong tatay ay sinipa ako palabas ng pinto, inilagay ko ang mga damit ko sa isang maliit na papel na sako at nagpunta't tumira sa New Albany. Siyanga.

> Sa maraming panganib, pagpapagal at patibong sa daan,
> Lahat ng mga iyan ay akin na ngang napagtagumpayan;
> Siyanga't biyaya ang nagdala sa akin sa kaligtasan hanggang ngayon,

Ako'y limampu't anim na taong gulang na, at malapit na akong tumawid sa ilog.

> Biyaya ang patuloy na magtatawid sa akin.

> Sa pagdako ko roon nang sampung libong taon,
> Pagsinag ay maliwanag na araw ang katulad;
> Mga araw na di na tayo kukulangin upang sa Diyos umawit ng papuri
> Anupa't tayo'y laging parang nagpapasimula pa lamang.

Oh, ganoon ko na lamang iniibig si Jesus! Siya ang buong mundo ko!

148 Oh, sige, ilan na ang aking. . .? Saan ako huminto, sampu? Puwede pa ba tayong magpapunta pa? Sige. Ano na nga, sampu, labing-lima? Sige. C, bilang sampu hanggang labing-lima, nasaan man kayo, kung maaari kayong tumayo at pumila na. Ano po 'yun? Huh? Sige. C, bilang labing-lima hanggang dalawampu, na. Gawin nang C, bilang labing-lima hanggang dalawampu. Sampu pang tao 'yan. Nakikita natin. . . Tingnan— tingnan n'yo kung saan nakatayo ang pila roon, ayaw nating— ayaw nating magsiksikan sila. At ating. . . Sige.

149 Ngayon ibigay n'yo sa akin ang buo n'yong atensyon; hindi na tayo magpapakahaba pa. Pero, ngayon, oh, grabeng oras, grabeng panahon mismo! Ako—ako nga'y umaasa na ang lahat ay iniibig ang Panginoon. Ako—ako po'y umaasa na ang lahat ay madako sa kalagayan na mapagtanto ang potensyal ng minutong ito. Pagsikapan natin. Ibigay n'yo sa akin ang atensyon n'yo.

150 Ano—ano ang pinagsisikapan nating gawin dito? Inilalagay natin ang Salita ng Diyos sa isang panunubok. Ginawa ni Elias ang gayon ding bagay, lumantad dun sa bundok matapos na mapagkilala niya na ipinadala siya ng Diyos para gawin ito. Ang sabi niya, "Ngayon patunayan natin kung sino ang Diyos, ibunsod ngang ang Diyos na tumutugon sa pamamagitan ng apoy ay kilalaning Diyos."

151 At nagsugatan ng mga sarili ang mga hetano, oh, sinasabi, "Buweno, sige, walang . . . " Hindi alam ng—ng mga hetano kung paano't may babagsak bang apoy, kaya nagsisigaw sila at kung anu-ano ang ginawa.

152 Pero alam ni Elias na babagsak 'yun, dahil nagkaroon siya ng pangitain mula sa Panginoon.

Sasabihin n'yo, "Nagkaroon siya ng pangitain?"

153 Siyanga, po! Noong mailatag niya sa kaayusan ang lahat, ang sabi niya, "Panginoon, nagawa ko na ang lahat sa Iyong utos." At pagkatapos bigla na lang bumagsak ang apoy. Kapag ang Salita ng Diyos ay tutuparin hanggang sa pinaka letra, hayan nga na tungkulin ng Diyos na asikasuhin ang kabuoan nito. Ang hiling lang Niya sa inyo ay ilatag lang ito roon. At siguraduhin na tinawag kayo para ilatag 'yun doon. Kita n'yo? At kung kayo nga'y tinawag, aasikasuhin Niya ang lahat ng ito.

154 Ngayon, heto ang mga tao na dadaan sa pilang ito na ipapanalangin ko . . . Ngayon, buweno, halos nasa dingding na pala kayo, buweno, o sa pila para masimulan na. Ngayon, una po muna, may mga kung saan dito sa gusali, mga ilang tao . . .

Ilan dito ang may sakit at walang prayer card, itaas n'yo ang kamay n'yo. Kita n'yo, buong dako nga. Ngayon, batid n'yo na kung ang ating Panginoon . . . At naniniwala ako na gagawin Niya, kung Siya nga'y siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Nagpapapila Siya noon para sa pananalangin. Pumupunta ang mga tao sa Kanya sa mahahabang pila, madla-madla, hinihipo Niya sila, pinagpapala sila. Pagkatapos napahinto Siya't nagsabi, "Sinong humipo sa Akin?" Tumingin sa paligid, sinabi sa babae kung ano ang layunin at hinipo nito Siya; at sinabing ang pag-agas ng kanyang dugo'y wala na, na pinagaling na siya ng kanyang pananampalataya.

155 Paano kaya kung tumalikod ang babae at nagsabi, "Buweno, di ko alam, Panginoon, matagal na akong mayroon nito"? Hindi sana 'yun nangyari. Hindi, hindi sana 'yun nangyari. Hindi.

156 Ano kaya kung sinabi Niya sa babaing Sirofenisa, "Dahil sa salitang ito na iyong sinabi, ang anak mong babae, ang diyablo ay lumayas na sa kanya," ano kaya kung ang sinabi, "Buweno, ngayon, Panginoon, nais ko—nais ko na Iyong gawin ito sa *ganitong* pamamaraan"? Yung—'yung diyablo nga'y nanatili sana roon sa batang babae. Pero umasa nga ang babae na masusumpungan niya ang kanyang anak na babae sa paraan na sinabi ni Jesus na masusumpungan niya siya.

157 Ngayon, sinabi Niya sa atin, "Kung kayo'y makasasampalataya! Kung masasabi mo sa bundok na ito, 'Malipat ka,' at hindi mag-alinlangan sa iyong puso, kundi sasampalataya na ang sinabi mo ay mangyayari, haya't makakamtan mo ito. Kapag ikaw ay mananalangin, sampalatayanan mo na natanggap mo na ito, siyanga't ito'y ibibigay sa iyo." Grabeng pangako!

158 Ngayon ang tao na nangangaral ng panlipunang ebanghelyo'y hindi riyan naniniwala. Lalakad siya riyan sa pintuan, sisilip, o tatayo riyan, at magsasabi, "Buweno, sangkumpol lang sila ng mga holy roller," tapos lalakad na palayo. Kita n'yo? Pero wala siyang kaalam-alam na ito ang natatagong Pagkain. Wala siyang kaalam-alam na ito ang lihim na Bagay na itinago mula sa kanya. Hindi niya ito alam. Haya't—haya't—haya't kahabag-habag, isang isipan na hubad, miserable, bulag, at di 'yun nalalaman. Kita n'yo? Kalunus-lunos na bagay nga.

159 Oh Diyos, mabuting mamatay na lang ako, huwag lang akong kailanman dalhin sa kalagayan na gaya nun. Mas pipiliin ko pang mamatay (siyanga, po) kaysa sa maging ganoon. Sa palagay ko'y ang bawat isa'y ganoon din ang iniisip, hindi ba?

160 Pero, ngayon, nangako ang Diyos sa atin ng mga bagay na ito sa huling mga araw. Sa Malakias 4, sinabi na si Jesus Cristo ay bababa't magkakatawang-tao ang Sarili sa laman ng tao gaya ng ginawa Niya noon sa Sodoma. Ganoon nga. At sinabi na ang mundo'y magiging kalagayan ng Sodoma. At sabi, "Kung papaano noon, ang Anak ng tao ay mahahayag din sa araw na 'yun." Kita n'yo, ang Lalaking ito na bumaba sa anyo ng isang tao, na "Elohim," kay Abraham, bago dumating ang ipinangakong anak. Tingnan n'yo kung ano 'yun, sinabi ni Abraham na ang Diyos 'yun. At sinabi ng Biblia na may tatlong lalaki na dumating sa kanya, naalikabukan ang kanilang mga damit, sa paglalakbay, naupo roon at kumain na parang tao. At ang sabi ni Jesus, "Sa panahon na ang mundo'y magiging Sodoma ang kalagayan, hayan nga ang Anak ng tao na ihahayag ang Kanyang Sarili muli." Hindi Anak ng Diyos, kundi Anak ng tao, kita n'yo, ang maghahayag ng Kanyang Sarili.

161 Ngayon markahan n'yo 'yan 'yung bagay na sinabi ng huling propeta, "Narito, isusugo Ko sa inyo si Elias na propeta, at

ipapanauli niya ang—ang mga puso ng mga anak pabalik sa mga magulang." Kita n'yo? Isang Mensahe para papanumbalikin sila sa Biblia, at ang Anak ng tao'y ihahayag ang Kanyang Sarili sa araw na 'yan. At sa araw na 'yun ng pagpapatunog sa huling kapanahunan ng iglesya, ng ikapitong anghel, ang mga hiwaga ng Diyos ay mahahayag sa araw na 'yan. Kakalagan ang Pitong Tatak. Ang hiwaga ukol sa lahat ng mga iglesyang ito't mga bagay-bagay, kung paano nangyari ang mga 'yun, at kung ano ang mang-. . .paano, kung ano ang nangyari.

162 Kita n'yo, wala silang kaalam-alam Dito. Sinabi ni Jesus, "Kayo na mga bulag na Fariseo!" Sabi, "Kung aakayin ng bulag ang bulag, hindi ba't kapwa sila mahuhulog sa hukay?" Kita n'yo, 'yan ang dahilan kung bakit di Yun makita-kita ng mga taong ito.

163 Ang hiwaga ukol Dito, ay, 'yang Mga Tatak na 'yun, bawat isa sa mga iglesya'y gumawa ng organisasyon at nasadlak sa ganoon, at isa 'yun sa mga lihim na bagay na pawang mali sa harapan ng Diyos. Nakikita mo ba, Doktor Lee? Kita n'yo, tingnan. Ito nga. Yun nga ang siya ring bagay roon. Isa 'yun sa mga lihim. Sila'y nag-organisa at, kita n'yo, at nawala nang lubos sa kalooban ng Diyos. At ilalantad 'yan sa huling mga araw, at pangungunahan ang mga tao, hindi patungo sa isang kredo o isang denominasyon, kundi pabalik sa tunay na Salita. At darating ang tunay na Salita sa isang partikular na grupo ng tao, at ihahayag ng Anak ng tao ang Sarili Nito sa kalagitnaan nila, "ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman."

164 Oh, grabe! Oh, gustung-gusto ko 'yun. Gustung-gusto ko—gustung-gusto kong ipagmalaki Siya. Gustung-gusto ko na—na ipagmalaki Siya sa harapan ng mga tao. Hindi ko nga Siya kailangang ipagmalaki; malaki na Siya. Napakataas Niya na hindi ka nga makalalampas sa ibabaw Niya, napakalalim na hindi ka makalalampas sa ilalim Niya, napakalawak na hindi ka makaiikot sa palibot Niya, at sa kabila nun ay may silid sa iyong puso para sa Kanya. Sige't tatanggapin n'yo na ba Siya? Grabeng kahanga-hanga ang ating Panginoon! Buweno.

165 Ngayon tayo po'y manahimik nang husto, ang lahat po. Ngayon, nangusap tayo tungkol Dito. At ngayon ang mahalagang bagay na dapat isaalang-alang, Ito ba'y totoo? Ngayon, marahil may mga baguhan dito. Hayaan n'yong sabihin ko na kung. . .sa inyo, kung si Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, anong gagawin Niya sa minutong ito? Gagawin Niya ang siya ring bagay na ginawa Niya noong narito Siya noon. Tama ba? Hihipuin ng pananampalataya ng mga tao ang Kanyang damit, at babaling Siya. Gaya ng ginawa Niya sa babae sa may balon, at sa ginawa Niya sa iba pang lugar, at tinalos Niya ang kanilang mga iniisip.

Ngayon, sasabihin n'yo, "Magagawa ba Niyang pagalingin ako?"

166 Sinabi ng Kanyang Salita na nagawa na Niya. Pero ang mahalaga nga, ay ang ibunsod ang Kanyang Sarili na mapagkilalang narito Siya.

167 Ngayon, kung magpakita Siya sa atin sa isang pisikal na katawan, na ang itsura'y ganoon mismo sa *Head of Christ at Thirty-three* ni Hofmann, at may dugo na dumadaloy mismo mula sa Kanyang mga kamay, at kung ano pa, may mga pilat ng pako sa buong katawan Niya, hindi ko tatanggapin 'yun. Hindi, hindi. Hindi, hindi. Sa pagdating kasi Niya, Siya Mismo, "Bawat mata'y makikita Siya, bawat dila'y ipapahayag Siya; at kung papaanong ang kidlat ay nanggagaling sa Silangan patungong Kanluran, ay magiging ganoon nga." Kita n'yo? Hindi tayo naniniwala sa mga kultong ito't mga grupo-grupo. Naniniwala tayo na ang Diyos ay ang Salita.

168 Pero isinalaman Niya ang Kanyang Sarili, gamit ang inyong katawan at aking katawan, at nagbigay sa inyo ng mga kaloob, nagbigay sa akin ng mga kaloob, at sa pamamagitan ng mga kaloob na ito ay Kanyang ipinakilala ang Kanyang Sarili. Yun ang lihim na Pagkain. Kahit na gaano pang kaigting na Kanyang ipakilala ang Kanyang Sarili sa pamamagitan ko, kinakailangan na kayo man ay sampalatayanan Ito, kinakailangan na may kaloob kayo ng pananampalataya, rin, para sampalatayanan Ito. Naniniwala ba kayo roon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] At ngayon kung ihahayag Niya ang Kanyang Sarili sa paraan na 'yan, sasampalatayanan n'yo ba Siya? ["Amen."] Nang buong puso n'yo, sasampalatayanan n'yo ba Siya? Oh, kahanga-hanga nga, na hinihintay lamang Siya, hinihintay na makita kung anong sasabihin Niya.

169 Heto ang isang lalaki na nakatayo rito. Hindi ko pa siya nakikita kahit kailan sa buong buhay ko, sa abot ng nalalaman ko. Mukhang isang mainam, na malakas, na malusog na lalaki, at marahil siya nga, di ko—di ko—di ko alam. Pero nakatayo siya rito. Ngayon, maaari kong patungan ng mga kamay ang lalaking ito at ipapanalangin siya, tatanungin siya kung sasampalataya ba siya. Maaari nga siyang tumayo rito at sabihin sa akin, sabihin, "Nais kong—kong—kong ipanalangin mo po si *Ganito-at-ganoon*. At mayroon akong—mayroon akong namamatag na mga paa. Sumasakit ang ulo ko, sa tuwina. May mga ulcer ako sa tiyan," o kung ano. Siya—siya, hindi ko alam. Maaari niyang sabihin ang alinman sa mga bagay na 'yan.

170 Sasabihin ko naman, "Sige, ginoo, kapatid. Magpapatong ako ng mga kamay ko sa iyo at ipapanalangin kita." Mainam naman kung sa mainam 'yun. Yun naman eksakto ang ginagawa natin sa lahat ng kapanahunan. Tama ba?

171 Pero, alalahanin n'yo, sinabi ni Jesus na magiging iba sa panahon ng Kanyang Pagparito, na katulad sa panahon ng Sodoma. At 'yung Lalaki na nagtungo roon, 'yung likod Niya'y nakabaling patalikod sa tolda kung saan naroon si Sarah, at ang sabi Niya, (hindi "Abram," nga) "Abraham."

172 Kita n'yo, siya'y Abram, noong araw bago nun. Pero nakatagpo siya ng isang pangitain, at sinabi sa kanya ng Panginoon na, "Papalitan Ko ang iyong pangalan."

173 At heto ang Panginoon, Mismo, sa anyo ng isang tao, na kumakain at umiinom kasama siya. Sabi, "Abraham, nasaan ang asawa mong, si Sarah?" S-a-r—r-a-h; hindi S-a-r-r-a.

Sabi niya, "Siya po'y nasa loob ng tolda, sa Iyong likuran."

174 Sabi, "Dadalawin Kita, ayon sa pangako Ko dalawampu't limang taon ang nakararaan."

175 At tila ba tumawa si Sarah sa sarili niya. Sabi Niya, "Tumawa si Sarah sa loob ng tolda ngayon-ngayon lang, na sinasabi, 'Paano mangyayari ang mga bagay na ito?'" Uh-huh. "Mayroon bang mahirap para sa Diyos?" Kita n'yo? Wala. Wala, nga.

176 Ngayon sinabi Niya, ipinangako ni Jesus na, "Siya, ang Anak ng tao," na yaong Salita, (naniniwala ka ba roon?) "ay paparito sa huling mga araw at ihahayag ang Kanyang Sarili sa panahon na ang mundo'y kagaya na ng Sodoma't Gomorra." Naniniwala ka bang tama 'yun?

177 Bago tayo magkaroon ng isang panalangin, ang ilan sa inyo riyan ay manalangin at tingnan kung ang Anak ba ng tao ay nananatiling siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Tanungin mo mismo kung Siya nga, sabihin, "Panginoon, hindi ako kilala ng lalaking ito, pero alam ko na Ikaw ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman," tingnan mo kung sasabihin ba Niya sa iyo 'yun.

Siyanga, po. Ngayon itaas mo ang ulo mo pansumandali.

178 Nasa likod ko. Isang bata. Siya'y mainit na mainit dahil sa lagnat. Isa itong batang babae. Taga-ibang bayan ka. May problema sa tiyan ang bata. Nagkaroon. Manampalataya lamang.

179 Ngayon, 'yun ba ang sinabi Niya na gagawin Niya? Hindi ko pa nakikita ang taong ito sa buong buhay ko. Batid 'yan ng Diyos ng Langit.

180 Ang lalaking ito rito, mukha siyang malakas mismo at malusog. Pero nakikita n'yo ba 'yung anino sa ibabaw niya riyan? Ang ibig sabihin n'yan, maliban na tulungan siya ng Diyos, hindi na siya magtatagal rito nang matagal. May kanser siya. Nasa baga mo.

Ngayon, nandito ang Anak ng tao.

May kabigatan siya sa kanyang puso para sa munting batang lalaki, isang batang paslit. Tama ba? Naniniwala ka ba na masasabi sa akin ng Diyos kung anong suliranin nung bata? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Alam ko na magagawa Niya."—Pat.] Magagawa Niya. Sinusumpong siya paminsan-minsan ng pagkawala ng malay na parang anyo ng epilepsy. Nagkaroon siya nito-nito lang. ["Kaninang umaga."] Tama, kaninang umaga. At nananampalataya ka ba na mabubuhay ka na palalakihin ang batang lalaki na ito, at aayos ang lagay niya?

181 Nasaan si Charlie Cox? Nasaan siya? Charlie, nasaan ka? Sa palagay ko nandito siya ngayong gabi. Sige dito, Charlie. Gary, nasaan ka? Larry, nandito ba siya? Yung munti niyang anak na lalaki'y may ganoon din noon, ganoon na ganoon. Nasaan ka, Larry? Halika rito sandali. Buweno, heto ka. Itong munting batang lalaki rito'y nagkaroon ng ganoon din. Ang tatay at nanay niya'y napakabuti kong kaibigan. Mga taon ang nakalipas naroon ako, at itong munting batang lalaki'y sinusumpong, talagang nawawalan ng malay at bumabagsak. Epilepsy nga. Natalos ko 'yun sa munting batang lalaki, hiniling sa Diyos na pagalingin siya. Hindi na siya nagkaroon ng ganoon maski isa mula noon. Hayan ang tatay niya; ang nanay niya'y nakaupo sa kung saan; at heto ang munting batang lalaki, mismo.

182 Ngayon nananampalataya ka ba, ginoo? (Salamat, Larry.) Nananampalataya ka ba, ginoo? Nawa'y ipagkaloob ng Diyos ng Langit ang siya ring bagay sa iyo, at ikaw rin ay mabuhay para palakihin ang batang ito. Pagpalain ka ng Diyos.

Manalangin tayo.

183 Minamahal na Diyos, tulungan Mo po siya. Dalangin ko na ang Iyong habag at biyaya'y mapasakanya at pagpalain siya. Sa Pangalan ni Jesus.

184 Bumalik ka na ngayon sa Louisiana, nang masaya, na pinupuri ang Diyos para sa kanya.

185 Oh, siyanga, taga-Louisiana siya, tunay mismo, sa palibot ng Lake Charles. Tama. Kita mo, nahahagip ko ang mga iniisip mo ngayon. Purihin ang Diyos!

186 Buweno, humihingi ka ng isang—isang mabuting bagay, nais mong magkaroon ng sanggol. May mga anak ka na, dalawang anak, pero gusto mo ng isa pa. Nawa'y ipagkaloob ito ng Diyos ng Langit sa iyo, kapatid kong babae. Halika rito, nais kong patungan ka ng mga kamay.

187 Minamahal na Diyos, Iyong ipagkaloob sa babaing ito ang minimithi ng kanyang puso, dahil ito'y isang marapat na dahilan. Sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Ngayon humayo ka at kamtin ang anak na ito.

188 Ang Diyos ay isang mabuting Diyos. Naniniwala ba kayo roon? Alam Niya ang lahat ng pangangailangan natin.

Tinutustusan Niya ang bawat pangangailangan natin kung sasampalatayanan natin ito. Ang sabi Niya, "Kung ikaw ay makasasampalataya!"

189 Nakamayan kita sa kung saang dako. Hindi ko lang maalala kung saan, pero sa kung saang dako ay nakamayan na kita. Hindi ko maalala nang eksakto, pero nasa isang dako tayo, ngayon sa kung saang dako, pero hindi ko maalala kung saan. Pero hindi 'yung dako, 'yung bagay na ipinarito natin para pag-usapan. Naparito ka para pag-usapan, o manalangin, nais mong manalangin ako para sa isang tao. Tama. Wala siya rito. Nasa Georgia siya, may sakit. Hindi lang siya may sakit, sa pisikal, kundi sa espirituwal ay may sakit siya; ang pinsan mo. Nananampalataya ka ba na aasikasuhin 'yan ng Diyos dahil tumayo ka para sa kanya? Sumasampalataya ka? Halika rito at manalangin tayo na magkasama.

190 Minamahal na Diyos, Iyong ipagkaloob sa lalaking ito ang mithi ng kanyang puso, na siya'y makahayo na't masumpungan ang lalaking ito na umiiyak para sa Diyos. Sa Pangalan ni Jesus ay aking hinihiling ito. Amen.

Pagpalain ka ng Diyos. Huwag kang mag-alinlangan. Manampalataya ka nang buong puso mo.

191 Kumusta ka? Hindi sa di ko inabot ang iyong kamay para kamayan ka, noong iabot mo ang kamay mo, may napansin lang akong isang bagay. Isang anino, madilim na madilim at maitim. Yun ang dahilan. Alam ko na kapag nahawakan ko ang kamay mo, malalaman ko sa ganoon, kita mo. Pero kanser ito. Nananampalataya ka bang ang Diyos ay may kakayahan na alisin ito? Nasa dibdib mo, kaliwang bahagi. Nais mong bumalik sa Carolina at purihin ang Panginoon sa pagiging magaling na, hindi ba? Nakikita mo ba ang ibig kong sabihin? Sige't manalangin tayo.

192 Minamahal na Diyos, sa Pangalan ni Jesus Cristo, Siya Na narito ngayon; ang mga anak ay kumakain ng Tinapay ng Diyos, nawa ang anak na ito'y malugod din sa pananampalataya, ang Tinapay ng Diyos na Kanyang ibinibigay sa kanya ngayon para sa kanyang kagalingan. Nawa siya'y humayo na't magaling na, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Pagpalain ka ng Diyos, kapatid. Manampalataya ka nang buong puso mo.

Kumusta ka?

193 Ito ba'y kahanga-hangang oras? Mistula ngang may paghanga na lumukob sa mga tao. O, marahil may tunog na tila ba, sa mga tainga ko, na parang may umuugong, "Whew!" Lumilikha ng ingay, na parang "Whew," parang ganoon, kita n'yo. Ito ang Tinapay ng mga anak. Kita n'yo? Ito'y sa inyo. Ito'y para sa inyo. Hindi ito para sa akin; Ito'y para sa inyo. Ako'y lubos na nagpapasalamat, sa mismong oras na ito ngayon,

hindi ko. . .Maayos ang kalagayan ko, sa abot ng nalalaman ko; pero Ito nga'y Tinapay sa akin, din, kapag ako nama'y may pangangailangan. Ito'y Tinapay para sa inyo. Ito'y pampatibay ng loob. Sa inyo naman na mga walang sakit, dinadala nga nito ang mga puso natin sa harapan ng Diyos.

194 Ito nga'y napapanahon mismo, 'yung bagay na sinabi Niyang gagawin Niya, "At gaya sa panahon noon ng Sodoma, ay gayundin sa pagparito ng Anak ng tao, kapag ang Anak ng tao ay mahahayag." Kita n'yo? "At, narito, ipapadala ko sa inyo si Elias na propeta bago dumating ang dakila't kakila-kilabot na araw ng Panginoon. Ipapanauli Niya ang mga puso ng mga tao pabalik sa Ama." Kita n'yo? Kita n'yo?

195 "At pagkatapos lalakad ang matutuwid sa ibabaw ng—ng masasama, sa mga alabok." Masusunog ang mga ito na parang isang pugon, kita n'yo, ang mundo nga. Makikita natin na babagsak 'yun. At 'yung sa bulkan ay kakalat sa buong mundo, at ang kalangitan ay mag-aapoy.

Oh Bato ng Mga Kapanahunan, mahahabag Ka sa akin ngayon at pagkatapos.

196 Kumusta ka? Buweno, isang bagay, may suliranin ka na pambabae, pambabaing suliranin. Mayroon ka ring iba pang mga bagay. Ninenerbiyos ka, nasa edad ka nga na nerbiyusin. Mga komplikasyon na sari-sari. Pero mayroon kang mithi, rin, 'yun nga'y ang matanggap ang Espiritu Santo. Siyanga. Yun nga 'yun. Naniniwala ka ba na iyong. . .Naipagtapat mo na ba ang lahat? Naniniwala ka ba na kung ipapatong ko ang mga kamay ko sa iyo at hihilingin sa Diyos na gawin ito, darating ang Espiritu Santo? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo."—Pat.] Sinasampalatayanan mo ba? ["Siyanga, po."] Manalangin tayo.

197 Minamahal na Diyos, ipinapatong ko ang mga kamay ko sa babaing ito, sa apostolikong paraan, at hinihiling na matanggap niya ang bautismo ng Espiritu Santo. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, nawa'y matanggap niya Ito. Amen.

198 Huwag mong pag-alinlanganan ito. Ito'y sa iyo, kita mo. Ito'y sa iyo. Ito ang—ang Tinapay ng mga anak.

199 Nagkaroon ka ng munting kakatwang pakiramdam nung sabihin ko, "suliraning pambabae," di nga ba? Dahil mayroon ka nga nun, siyanga. Ngayon, sinasampalatayanan mo bang magiging maigi na ang lagay mo ngayon? Humayo ka, na pinasasalamatan mismo ang Panginoon.

200 Kumusta ka? Sumasampalataya ka ba nang buong puso mo? Naniniwala ka ba na makakakain ka na gaya ng ginagawa mo noon matagal nang panahon ang nakalipas? Buweno. Humayo ka, at sabihin, "Salamat sa Iyo, Panginoon. Sinasampalatayanan ko ito." Ang Presensya ng Panginoon.

201 Naniniwala ka ba na 'yang suliranin sa likod ay lilisan sa iyo at iigi na ang lagay mo? Buweno. Humayo ka, na sinasabi, "Salamat sa Iyo, minamahal na Diyos," at ipagkakaloob 'yan ng Diyos.

202 Naniniwala ka ba na gagaling ka, na paiigihin ng Panginoon ang lagay mo, at di ka na magkakaroon ng artritis, na magiging magaling ka na't malusog? Sinasampalatayanan mo ba? Humayo ka, na pinasasalamatan Siya, sabihin mo, "Panginoon, tinatanggap ko ito nang buong puso ko, at sinasampalatayanan ko ito."

Ano ang sinasampalatayanan n'yong lahat ukol Dito?

203 Ikaw rito, ipatong mo ang kamay mo sa babaing 'yan na nakaupo sa tabi mo riyan, sabihin mo sa kanya na ang varicose na mga ugat at artritis ay lilisan na sa kanya. Kapag siya'y . . .? . . .

204 Pagpalain ka ng Diyos. Nananampalataya ka ba na gagaling ka ngayon? Umuwi ka't maging ganoon. Pagpalain ka ng Diyos. Humayo ka na sa daan mo, at sabihin, "Salamat sa Iyo, Panginoong Jesus."

205 Kumusta ka? Nananampalataya ka ba na 'yang suliraning pambabae'y lilisan sa iyo, rin, at iigi ang lagay mo? Humayo ka, at sabihin, "Salamat sa Iyo, Panginoon."

206 Kumusta ka? [Sinasabi ng kapatid na babae, "May nabanat na kartilago."—Pat.] Naku, naku, naku! ["Totten."] Alam ko ang pangalan mo. Dati akong—dati akong . . . ["Totten."] noong nagpapastor ako noon ng simbahang Baptist. ["Totten."] Totten. ["Della Totten."] Kapatid na babaing Della Totten. Nagdurusa ka ngayon dahil sa sakit sa likod. ["Opo."] Magiging maayos na ang lahat, ngayon. Naniniwala ka ba na pagagalingin Ka niya? Naalala mo ba ang nangyari roon sa simbahan ng Milltown Baptist maraming mga taon na ang nakaraan? ["Opo, naaalala ko!"] Siya'y nananatiling siya pa ring Diyos. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid kong babae.

George Wright, nasaan ka? Naalala mo? Naku, kung papaanong . . .

Nananampalataya ka ba, na kung ipapatong ko lamang ang mga kamay ko sa iyo, sa pahid na ito, nananampalataya ka ba na gagaling ka? Halika rito. Sa Pangalan ni Jesus Cristo nawa'y gumaling siya. Amen. Manampalataya ka!

Buweno, nananampalataya ka ba nang buong puso mo?

207 Ngayon, grabe ngang ibinabalik nun ang matatandang mga alaala, sa pagkakita ko sa ginang na 'yan! Hindi ko lang maisip 'yung pangalan niya, pa, pero ako . . . [May nagsasabi, "Totten."—Pat.] Totten. Totten, 'yun nga. Oh, siyanga, anak niyang babae si Bertie. Tama. Tama nga. Huwag mong isipin na

parang wala ako sa sarili, ako'y medyo ano lang, alam mo na, ito kasi'y medyo . . . Hindi ko ito maipaliwanag.

208 Pero wala na ang sakit mo sa likod, ginang. Humayo ka't, purihin ang Panginoon, at sabihin mo, "Salamat sa Iyo, Panginoon."

209 Nananampalataya ka ba na 'yang sakit mo sa puso'y magiging maigi na, rin? Humayo ka lamang, magbunyi, at sabihin mo, "Salamat sa Iyo, Panginoong Jesus," at sampalatayanan Ito. Sige. Manampalataya ka ngayon. Huwag mag-alinlangan.

210 Halika rito, ginang. Nananampalataya ka ba nang buong puso mo? Maraming diperensya sa'yo. Mayroon kang sakit sa likod, din. Nananampalataya ka ba na paiigihin ng Diyos ang kalagayan mo? Sige, humayo ka mismo, na nagbubunyi. Yan, Siya nga ang nagbubunsod na makaramdam ka nang ganyan. Pasalamatan mo ang Panginoon. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae.

211 Kumusta, iho. Nananampalataya ka bang pagagalingin ng Diyos ang pagkanerbiyos ng batang 'yan at paiigihin ito? Sinasampalatayanan mo? Sige. Kumusta, iho, hayaan mong makamayan kita.

212 Minamahal na Diyos, Iyo pong iwaglit ang masamang bagay na 'yan sa munting batang lalaking ito, at nawa mamuhay siya't maging normal. Sa Pangalan ni Jesus. Amen.

213 Pagpalain ka ng Diyos, kapatid. Sinasampalatayanan mo 'yan, hindi ba? Gagaling ka. Huwag na huwag kang mag-alinlangan.

214 Masyadong bata pa para magkaroon ng sakit sa puso. Nananampalataya ka ba na paiigihin ng Diyos ang kalagayan mo? Humayo ka't, sabihin, "Salamat sa Iyo, Panginoon, sa pagpapagaling sa akin."

215 Nananampalataya ka ba na pagagalingin ng Diyos ang sakit na 'yan sa tiyan at paiigihin ang lagay mo? Humayo ka't, magbunyi, at sabihin, "Salamat sa Iyo, Panginoon."

216 Siya'y Diyos pa rin, di ba? Ang tanging bagay na gagawin mo ay manampalataya. Hindi ba't tama? Nananampalataya ka ba sa Anak ng tao sa huling mga araw na ito?

217 May kung anong bagay na nangyari rito mga ilang minuto lang ang nakararaan, at hindi ko . . . sinusubukan kong hanapin kung nasaan 'yun. Mayroon dito na may pananampalataya't nagpangyari ng kung anong bagay. O, marahil dadako ako sa kanila sa susunod na Linggo, o kung kailan ko magagawa. Ikaw ba'y—ikaw ba'y . . . Hayun ito uli. Itinaas mo ang kamay mo. Nananampalataya ka ba na magagawa ng Diyos na pagalingin 'yang sakit na 'yan sa puso, at paigihin ka, pagalingin ang anak mong babae na naroon kasama—kasama . . .

Sinasampalatayanan mo ba? Gng. Neff, sinasampalatayanan mo ba na ang Diyos. . . Leo Neff. Hindi kita kakilala, pero ikaw nga 'yun. May sakit ka sa puso, at ang munti mong anak na babae'y may sakit sa bato. Nananampalataya ka ba na siya'y gagaling? Pinagagaling ka ng pananampalataya mo. Manampalataya ka nang buong puso mo.

218 Ikaw diyan sa likuran sa may tubigan, nakatayo riyan na may sakit sa tiyan, pinagaling ka na ni Jesus Cristo.

219 Sinasampalatayan mo ba? Siya'y siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Sige't ipatong natin ang mga kamay natin sa isa't isa ngayon. Oh, bulayin n'yo ang oras na kinalalagyan natin, bulayin n'yo ang panahon. Bulayin n'yo na nasa mismong Presensya ni Jesus Cristo tayo, ang Anak ng Diyos. Ipinangako Niya na gagawin Niya ito sa huling mga araw. May mga kamay akong nakapatong sa mga panyo na ito.

220 Minamahal na Diyos, dalangin ko na Iyong pagpalain ang mga panyo na ito para pagalingin ang katawan ng mga tao, sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo.

221 Ngayon, habang nakapatong ang mga kamay n'yo sa isa't isa, bawat isa sa inyo'y bahagi ng Katawan ni Cristo. Ang siya ring Espiritu Santo na nangako na ihahayag ang mga lihim ng mga puso't gawin ang mga bagay na ito, Siya'y nasa inyo. Kayo'y bahagi Niya, at Siya'y bahagi n'yo. Ngayon, sinabi Niya ito, "Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na nananampalataya." Kayo 'yun. "Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, sila'y magsisigaling." Ngayon, huwag n'yong ipanalangin ang sarili n'yo, ipanalangin n'yo ang tao na pinapatungan n'yo ng inyong mga kamay, dahil nananalangin naman sila para sa inyo. Ngayon manalangin tayo nang sama-sama, at nawa'y walang tao na matirang nanghihina sa loob ng gusaling ito. Bakit pa tayo maghihintay, mga minamahal kong kapatid na lalaki, kapatid na babae, heto na Ito, ang Espiritu Santo, ang Diyos, na narito mismo, ang mismong Bagay na pinag-uusapan natin.

222 Minamahal na Jesus, napagkikilala namin ang Iyong Presensya. Binuhay Mo muli ang munting sanggol noong isang araw, matapos na patay na ito, sa pamamagitan ng pananalanging may kalakip na pananampalataya. Minamahal na Diyos, marami rito ang di na namin madakuan, mabilis ang takbo ng oras, pero nakapatong ang mga kamay nila sa isa't isa. Sila'y mga mananampalataya. Nakaupo kami sa Presensya ng Panginoong Jesus Cristo, na binangon mula sa patay, ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

223 Satanas, talunan ka na! Ginapi ka na ni Jesus Cristo! Nagbangon Siya mula sa patay at nakatayo sa kalagitnaan namin ngayong gabi, na pinagtitibay ang Mensaheng ito ng huling mga araw. Lumayas ka mula sa mga taong ito! Lubayan

mo sila, sa Pangalan ni Jesus Cristo! "Sa Aking Pangalan ay magpapalayas sila ng mga diyablo," at ikaw ay pinalalayas. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, layuan mo ang kongregasyong ito!

224 Bawat isa sa inyo ngayon na tinanggap na ang inyong kagalingan, tumayo kayo. Bawat isa na tumanggap ng kagalingan, tumayo kayo. Itaas n'yo ang mga kamay n'yo ngayon at papurihan Siya!

"Akin na ngayong tinatanggap ang aking kagalingan," sabihin n'yo 'yun sa Diyos. "Akin na ngayong tinatanggap ang aking kagalingan. Ikaw ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, Cristo. Ako'y sumasampalataya na ngayon sa Iyo, tulungan Mo ako sa aking kawalan ng pananampalataya. Amen."

I will praise Him, I will praise Him,
Praise the Lamb for sinners slain;
Give Him glory, all ye people,
For His Blood has washed away each stain.

225 Hindi ba't iniibig n'yo Siya? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Purihin natin Siya kung ganoon. Ang lahat po, habang nakataas ang inyong mga kamay, bigyan Siya ng papuri, habang papalapit ang kapatid dito para pauwiin na tayo.

65-0718E Espirituwal Na Pagkain Sa Takdang Panahon
Branham Tabernacle
Jeffersonville, Indiana U.S.A.

TAGALOG

©2024 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:



VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org